# Pagkukupkop O Pagpupuwesto

Jeffersonville, Indiana USA

Mayo 22, 1960

1 …?... Sa ating mahal na mga kaibigan, nagagalak kaming makabalik dito sa iglesia ngayong gabi. Medyo mainit, kaya sisikapin nating bilisan hanggat maaari, tutuloy na tayo kaagad sa mensahe.

Una, mayroon tayong ilang pag-aanunsyong dapat gawin at isang kahilingan para sa panalangin. Nasa likuran ang mga nakuha kong mga liham na ibinigay n'yo, at yaong para sa kapatid na babaeng nakadarama na mayroon siyang tumor sa utak, at mayroon pang isa sa Louisville, at isa pang kapatid na ministro, ang ama niya'y inatake sa puso. At napakaraming may sakit sa mundo sa araw na ito. Marami ang nagsisitawag, at tunay ngang idinadalangin natin sila nang buong puso na tulungan nawa tayo ng Diyos.

2 Karaniwang siyam na pu't limang porsyento ng aking ministeryo ay palaging nakalaan sa pananalangin sa mga may sakit (Kita n'yo?), ngunit medyo mayroon akong munting pananaw na… Nananalangin pa rin ako sa mga may sakit ngayon. Tandaaan n'yo 'yan. Iyan ay kalakip nito, ngunit oh, kung mailalagay natin ang iglesia sa tamang posisyon—at ito ay maisaayos upang tayo ay makagawa. Nakikita n'yo ba? Kailangang maisaayos tayo (Kita n'yo?), at mapagbuklod natin ang lahat ng mga bagay.

May isa pang bagay na tumimo sa aking puso kani-kanina lang. Iyon ay nung muntik nang maputulan ng mga braso at binti dahil sa pagkakabaril ang isang lalaking beterano… Wala siya rito upang mapakinggan ako ngayon, ngunit isa siyang tunay na marangal na lalaking nagngangalang Roy Roberson, isa sa ating mga trustee dito sa iglesia at isang mabuting Cristianong ginoo… Lumapit siya riyan at nagsabi, "Brother Branham, huwag mong kalilimutan ang pangulo." Aniya, "Ikinalungkot ko nang husto nang siya ay humakbang…" Nakita ko sa telebisyon ang pagbaba niya sa eroplano, umaagos ang luha niya sa kaniyang mga pisngi at ang bibig niya'y nakatabingi… Alam n'yo, magkakasama sila nina Roy at iba pa du'n sa labanan.

3 Kahit pa di kayo sang-ayon sa kaniya sa pulitika, pangulo pa rin natin siya. Opo. Sa akin, di ako Democrat o Republican man; ako'y Cristiano. Ngunit sinasabi ko sa inyo; tunay na mayroon akong malaking paghanga kay Pangulong Dwight Eisenhower. Opo. Tunay na naging isa siyang dakilang lalaki sa paraan ng pag-iisip. Kung siya ay tatakbo ulit, at ako ay boboto, siya ulit ang iboboto ko. Tama. Kahit pa sandaan taong gulang na siya, siya pa rin ang iboboto ko, sapagkat gusto ko siya. At alalahanin natin siya sa ating mga panalangin ngayong gabi.

J. T., tunay ngang nasiyahan ako sa magandang pagtitipong idinaos ninyo ni Brother Willard nitong linggong ito. Kung pumasok ako galing sa labas, sasabihin n'yong lahat, "Sige, si Brother Branham, alam n'yo namang ganito-at-ganiyan," ngunit mas mabuting tumayo na lang ako sa labas at makinig sa inyo. Nauunawaan n'yo ba? [Tumawa si Brother Branham—Ed.] Sige. Napakainam.

4 Mayroon akong mga alok para sa ilang simbahan kung nais n'yo. Kung handa na kayong magpastor ngayon, kung nakapagsanay na kayo at naniniwala akong nagawa n'yo na iyon, at kayo'y matatag na, mayroon akong isa sa Oregon, at ilan sa Washington, California, at Arizona, iba't ibang lugar. At kung nais n'yong mangalaga ng isang iglesia o anuman, aba'y, ito ang magandang lugar para magsimula, dito mismo. At may mga kaluluwang umiiyak sa bawat dako hanggang sa mga Indian reservation at saan n'yo man nais na magpunta. Ipaalam n'yo lang sa amin, dahil naniniwala akong kayong mga kalalakihan ay nakaangkla na ngayon. Tama. Sadyang gustung-gusto kong nakikitang kayo ay nagkakaganiyan.

Nandiyan si Brother Ruddell sa bandang unahan ng kalyeng ito. Paroroon ako upang magdaos ng gawain para sa kaniya sa loob ng ilang araw, magdadaos ng isang revival si Brother Ruddell. At naaalala ko dati-rati'y pinagtutulakan ko siya kung saan-saan sa pagsisikap kong siya ay magamit at makapangaral. Masyado siyang mahiyain. Sasabihin niya, "Sadyang di ko kayang magsalita." Ha. Dapat marinig n'yo siya ngayon. Kita n'yo, kita n'yo? Di mo alam kung anong maaari mong gawin kapag hinayaan mong damputin ka ng Espiritu Santo. Tama.

5 Sina Brother Graham Snelling sa Utica at Brother Jackson sa banda ro'n, ibinibilang natin silang lahat na mga kasama nating kapatid na iglesia. Magkakasama tayo. Hindi tayo nagtatalo sa ating mga doktrina; ang ating mga pag-asa, at layunin, at mga doktrina ay iisa. Magkakasama tayong naninindigan sa lahat ng bagay. Tayo'y iisang iglesia lamang, at tunay ngang nais nating sila'y mapasa lahat ng dako. Mayroon tayong ilan sa Africa, ilan sa India, at sa buong bansa. Ating… Nais natin silang maparoon, ipinalalaganap ang balita.

At nakikita ko ang mga lumilitaw na kabataang lalaki tulad ni Brother J. T. Parnell na naririto, at si Brother Willard, at iba na naglalabasan, mga kabataang lalaki sa panahong ako ay tumatanda na… Kung mayroon pang bukas, sila ang magiging mga kalalakihan ng kinabukasan. Ayaw kong mamatay ang mensaheng ito. Sadyang hindi ito maaaring mamatay. Dapat itong patuloy na mabuhay, at di ako naniniwalang may mahaba pa tayong panahon upang ito'y ihatid.

Ang munting sanggol na ayon sa kanila ay mamamatay na, nakita kong kasama mo ito sa simbahan

buong araw, sister. Napakainam niyan. Pinasasalamatan natin diyan ang Panginoon, na Siya ay mabiyaya, puspos ng kahabagan. Patuloy mo lang na paniwalaan kung anong sinabi sa'yo dito. Nauunawaan mo? Gagaling ito.

6 Ngayon, nasisiyahan ba kayo sa pagtuturo? Gusto n'yo ba ang pagtuturo? Oh, sa palagay ko'y tunay na nakatutulong ito sa atin. Napapahinga tayo sa pananalangin sa mga may sakit, at sa mga pangitain, at sa Divine healing. Anupa't mamayang gabi, pagkatapos ng gawain, mananalangin tayo ulit para sa mga may sakit. Nais nating gawin 'yan palagi. Ang bautismuhan ang sinuman anumang oras. Ilan ang nakakaalala nung madalas kong binabaybay ang mga kable ng kuryente. Kailangan kong maglakad ng tatlumpung milya bawat araw sa disyerto. Dalawang daan at walumpung milya ng kawad ang kailangan kong baybayin. Lalakarin ko iyon, may sapin ang aking mga kamay, at oh, pagod na pagod ako, sa pagdaan sa mga kagubatan at sa mga dawagan habang ako ay nagtatagpas.

May makikilala akong magsasaka at uupo kami sa silong ng punong kahoy at kakausapin ko siya tungkol sa pagpapabautismo sa Ngalan ng Panginoong Jesus. Sasabihin niya, "Buweno, dati pa ay gusto nang magpabautismo."

At sasabihin ko, "Hindi malayo ang sapa."

7 At sasabihin niya… At gumugol ako ng maraming gabi sa dakong iyon upang magbautismo sa Ngalan ni Jesus. Dali-dali akong bababa sa kable. Tama. Madalas nakasuot ako ng aking pangtrabaho, magbabautismo ako ng isa, bumababa ako mula sa isang poste. Nasa taas ako at nagtatrabaho sa poste; ako'y isa ring lineman, gumagawa kasama ng isa pang lalaki sa kabilang poste, kinakausap ko siya tungkol sa Panginoon. Sasabihin niya, "Buweno, Billy, isa sa mga araw na ito darating ako sa inyong simbahan upang magpabautismo."

Sasabihin ko, "Bakit hihintayin mo pa ang pagkakataong iyon? Malapit na tayo sa ilog, maraming tubig do'n." Huliin n'yo sila kaagad. Tama. Iyon na ang oras. Ang sabi ni Felipe…

8 Ang sabi ng Bating kay Felipe, "Narito ang tubig, ano'ng nakahahadlang sa atin?" Tama. Wala, kung handa ka na, iyon na ang oras. Huwag mong hayaang magkaroon ng pagkakataon ang diablo na maglagay diyan ng harang. Huwag mong ipagpabukas ang mga bagay na maaari mong gawin ngayon. Ang bukas ay maaaring hindi na dumating sa iyo.

Naaalala ko nung minsang gawin ko iyon, natuto ako, naturuan ako ng leksyon. Ipinagpaliban ko ang isang bagay na dapat sana'y ginawa ko isang araw, kinabukasan ay huli na ang lahat.

9 Ngayon, tunay na ayaw ko kayong pagtagalin nang ganito katagal, ngunit masyado akong ginaganahan ewan ko ba. Sadyang gumaganda ang pakiramdam ko, hanggang sa halos mawala na ako sa aking sarili; sadyang napakainam ng pakiramdam ko.

Ngayon, magsiyuko tayo sandali bago natin puntahan ang Salita.

Makalangit naming Ama, Ikaw ang buhay na Diyos, buhay magpakailan man. Ang araw na kalulubog lamang ay siya ring araw na nakita ni Daniel na lumubog; nakita itong lumubog ni Jeremias; nakita itong lumubog ni Adan; nakita ito ni Jesus na lumubog. At ito pa rin ang mundong kinamuhayan at nilakaran nila, at Ikaw pa rin ang Diyos na iyon.

Maraming mga kahilingan ngayong gabi: may isang lalaking mayroong tumor sa utak; may isang babaeng nangangamba sa gayon ding bagay. Ikaw na lang ang tanging pag-asa, Panginoon, para doon. Ang tumor ay naging malala na; walang nang makaaawat dito. Hindi na ito abot ng mga kamay ng duktor. Ngunit sa gabing ito kami ay humahayo dala ang aming tirador, para habulin ang tupang iyon upang maibalik sa kawan ng Ama. Sa Ngalan ng Panginoong Jesus tinututok namin ang aming panalangin upang paslangin ang leong iyon, ang tumor, ang kalalaang iyon, upang maibalik sila nang ligtas sa kawan.

10 At inaalala namin ngayong gabi, Diyos, ang butihin naming Pangulo, kapatid na—o si Dwight Eisenhower. Ginabayan niya ang lupaing ito, Panginoon; sinikap niyang iiwas kami sa digmaan. Ipinangako niyang matatapos na ang Digmaan sa Korea kung may paraan lang siya. Ipinangako niya sa mga inang iyon na ibabalik niya ang mga kalalakihang iyon. Ngunit sinabi niya, "Para ako ang gumawa niyon, hindi ko kaya. Maaari akong magsikap, ngunit ang Diyos lamang ang kailangang gumawa niyon." At sinamahan Mo siya, Panginoon, at ngayon naayos na ang lahat. Bakit ba di nila iyon nakita nung una pa lang? Diyos, idinadalangin kong tulungan Mo siya. Pagpalain Mo po ang magiting na kaluluwang iyon, Panginoon. At idinadalangin naming Ikaw ang pumili ng susunod na pinuno para sa amin. Ang predestinadong kalooban Mo nawa ang maganap, Panginoon.

Ngunit ang pinakainteres namin ngayong gabi, maliban sa mga usaping pambansa, ay ang dakila at maluwalhating Isang Iyon na paparating upang magtatag ng isang Kahariang di magwawakas, ang Panginoong Jesus na Iyong Anak. At titipunin nila ang mga armas; huhudyat sila at di na magkakaroon pa ng mga digmaan. Magtatanim sila ng mga ubasan at sila ang kakain ng mga bunga niyaon.

Magsisipagtayo sila ng mga bahay, at sila ang maninirahan doon. At di na magkakaroon pa ng kaguluhan pagkatapos niyon.

Pagpalain Mo po kami ngayon sa paglapit namin sa Salita. At Ama, nalalaman Mo ang dahilan kung bakit lumalapit ako sa Salita mula sa Kasulatang ito. Iyon ay dahil nadarama kong nais Mong gawin ko ito sa ganitong paraan, na ito ang Iyong Makalangit na kalooban; ito'y nasa atas Mo; ito'y nasa… Atas ng araw na ito na ipakita sa mga tao ang kanilang lugar at maging handa para sa oras ng pakikipagbaka. Tulad ng sinabi ng kapatid sa kaniyang panalangin di pa katagalan, "Oh, napakatagal Mo na kaming sinanay, Panginoon." Ngayon, Ama, ipakita Mo sa amin ang aming mga posisyon. Ilagay mo kami sa kung anong dapat naming gawin, upang magampanan namin ang gawain ng Aming Ama. Sapagkat hinihiling namin ito sa Ngalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

11 Nakaranas ako ng isang napakagandang hapon kanina, kausap ko ang isang duktor sa Lousville at ang kaniyang nars. Narinig nila ang tungkol sa mga maluwalhating bagay patungkol sa Panginoon. At ang ama ng babaeng iyon ay isang duktor. At dumating siya at umupo sa aking silid halos maghapon, dumaan lang, napabisita, isang kahangahangang tao: medyo matigas, alam n'yo na, may kahigpitan ang kapit, talagang Presbyterian, ngunit umalis siyang lumuluha. Oh, ako'y… Ipinuwesto sila ng Diyos sa lahat ng dako sa mga opisina ng duktor, at mga nars. Wari ko'y walang isa mang nars sa Norton's Infirmary Hospital na di ko napahayagan tungkol sa pagtataglay ng Espiritu Santo, at di ko natanong kung nabautismuhan na ba siya sa Ngalan ni Jesus. Walang isa mang duktor na nakadaupang-palad ko, kahit saan, wala… Kita n'yo?

Ipagsabi n'yo Ito sa kanila. Wala ka nang maraming oras, kapatid. Kahit na tila ba napakahirap dito, maghintay ka lang hanggang maitawid mo roon ang huling hininga at makita mo, at iyong sasabihin sana ginawa mo iyon. Opo. Huwag kang maghintay hanggang sa pagkakataong iyon; ngayon na natin iyon gawin. Ito na ang oras. Oh, maaaring di sila sumang-ayon, at magalit sila at bahagyang makipagtalo tungkol do'n, ngunit di nila iyon sinasadya. Hindi naman nila talaga sinasadya iyon. Sila—sila—sila'y ayos lang. Kapag nakipagtalo sila sa iyo, alalahanin mo na lang, hindi naman nila talaga sinasadya iyon. Marahil ay naturuan lang sila ng isang bagay, at nanghahawakan lang sila do'n, kaya't nakikita mo ang kanilang ideya. Huwag kang makipagtalo sa kanila; huwag kang makipagtalo kaninuman, kundi mahalin mo lang sila hanggang sila ay makapasok Do'n. Pagkatapos ay ipanalangin mo sila.

12 Buweno, sa palagay ko'y nagtungo tayo hanggang sa ika-9 na talata; di ako sigurago. Ako'y… Malayo iyon sa ika-3 kabanata, di ba? Ngunit oh, ito'y pulot sa ibabaw ng bato para sa akin.

Nangungusap tayo ngayon, tandaan n'yo, upang makapagbalik-tanaw tayo ng kaunti. At ngayon, Brother Neville, hilahin mo ako nang bahagya kapag di ko napansing nauubos na ang oras, upang makapanalangin ako para sa mga may sakit. Nais nating maisingit ang lahat ng mumunting bahagi ngayong gabi. Nais kong manawagan sa altar. Ako'y... Tatapusin ko ito at marahil ay magagawa kong basahin na lang ang iba pa nito.

Ngunit ang layunin nito, ay ang maipakita ang inyong posisyon kay Cristo, ang maipakitang hindi ito isang bagay na nagkataon lang na inyong napasok, o isang bagay na marahil ay inyong karapat-dapat na natanggap, kundi ang Diyos mismo ang gumawa nito para sa inyo. Hindi dahil napakabuti n'yo na pagsimba n'yo isang gabi, may isang kapatid na umakay sa inyo sa altar, hindi ito dahil do'n. Ang Diyos iyon, na bago pa itatag ang sanlibutan ay nagtalaga na sa inyo sa Walang Hanggang Buhay. Pagdating n'yo ro'n sa araw na iyon, di kataka-takang inilapag ng dalawampu't apat na matatanda ang kanilang mga putong; inilapag ng bawat isa ang kaniyang putong; ang bawat isa ay nagpatirapa; wala silang isa mang masabi, walang mangangaral, walang matanda, walang anuman. Lahat ng papuri ay sa Cordero, titipunin ng Diyos ang lahat ng bagay sa Kaniya sa araw na iyon. Oh, kung malalaman natin at makikilala kung sino Iyon, kung sino ang kanilang ipinako sa krus. Ngayon, sa…

13 Magsisimula tayo sa ika-8 talata, upang makakuha ng munting background.

Na pinasagana niya sa atin ang, sa buong karunungan at katalinuhan;

Na ipinakilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban…

"Ang mga hiwaga ng Kaniyang kalooban…" At naaalala n'yo kung papaano tayong nagtagal diyan? Ilan ba ang naririto kaninang umaga? Tignan natin. Ganun na lang tayo nagtagal do'n, "ang hiwaga ng Kaniyang kalooban." Ngayon, hindi ito isang maliit na bagay lamang; at ito'y isang hiwaga. Ang kalooban ng Diyos ay isang hiwaga. At bawat tao ay kailangang magsaliksik ng kalooban ng Diyos para sa kaniyang sarili, ng kalooban ng Diyos.

Papaano natin iyon malalaman? Nalaman iyon ni Pablo. Ang sabi niya di siya sumangguni sa kaninumang tao, sa kaninumang laman at dugo. Hindi siya nagtungo sa anumang iskuwelahan, sa anumang seminaryo. Wala siyang kinalaman doon. Ngunit kaniyang… Ipinahayag iyon sa kaniya ni Jesus Cristo, na sumalubong sa kaniya sa daang papunta sa Damasco sa anyo ng isang Haliging Apoy, at

tinawag siya Niyon. At nagpunta siya sa Arabia, at nanatili ro'n ng tatlong taon. Oh, hindi mo ba naiisip kung gaano kainam na panahon iyon, Brother Egan? Tatlong taong nasa Arabia si Pablo, umupa siya ng munting gusali sa isang lugar, nagparoo't parito sa sahig hawak ang lahat ng matatandang kasulatang nakabalumbon. Wala pa sila ng mga bago noon; karamihan ng mga iyon ay si Pablo ang sumulat. Nakasulat sa mga matandang balumbon na ito mismo kung papaanong itinalaga tayo ng Diyos ng pasimula pa lamang sa Walang Hanggang Buhay, kung papaanong isusugo Niya si Jesus, upang sa pamamagitan ng Sakripisyong ito lahat tayo ay magkaroon ng karapatan sa Punongkahoy ng Buhay. "Ang mga nung una pa lang ay nakilala na Niya ay tinawag Niya; ang mga tinawag Niya ay inaring-ganap Niya; ang mga inaring-ganap Niya ay niluwalhati na Niya."

Tinalaga na tayo ng Diyos, sa pasimula pa lang ng sanlibutan sa pagkukupkop ng mga anak. Ngayon, ang buong sangkalikasan ay humihibik, naghihintay sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos. Oh, iniisip kong nasiyahan nang husto si Pablo. Sana kasama niya ako ro'n, kayo ba?

14 Ngayon, ang sabi niya, "Ipinakilala Niya sa atin ang hiwaga." Hayaan n'yong lukuban kayo minsan ng Espiritu Santo, at simulan n'yo itong suyurin, masdan n'yo kung saan ito hahantong. Kaninang hapon gumugol ako ng, oh, mga tatlumpung minuto sa pag-aaral, upang balikan lang ang aralin; marahil ay hindi ganun, di ko sasabihing kalahati niyon, labinglimang minuto sa pagitan ng panahong iyon. At nagtatakbo ako, at naisip ko, "Ang hiwaga, napakahiwaga." At dinala ako ng Kasulatan sa Lumang Tipan, at ibinalik ako sa Bagong Tipan, idinuktong ang isang bagay, nakita ko ang hiwaga ng Kaniyang pagdating, ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ang hiwaga ng ating sama-samang pag-upo.

Alalahanin n'yo, hindi ito maaaring ituro sa seminaryo. Ito'y isang hiwaga. Hindi mo ito malalaman sa pamamagitan ng edukasyon, ng teolohiya. Ito'y isang hiwagang naikubli mula pa nang itatag ang sanlibutan, hinihintay ang manipestasyon ng mga anak ng Diyos.

15 Sabihin mo sa akin, kapatid kong lalaki, sabihin mo sa akin, kapatid kong babae, kailan pa maipapamalas ang mga anak ng Diyos maliban sa panahong ito ngayon? Kailan nagkaroon ng panahon sa kasaysayan, na nagpapahayag ng panahon upang palayain ang buong sangkalikasan? Sangkalikasan, ang sangkalikasan mismo ay humihibik, naghihintay sa panahong iyon ng manipestasyon. Aba'y, bago isagawa ang pagtubos, bago ibinuhos ang Espiritu Santo, bago ang lahat—sa buong Lumang Tipan, sa panahong iyon, di maaaring magkaroon ng manipestasyon. Kinailangan nitong hintayin ang panahong ito. Ngayon, lahat ng mga bagay ay naihatid na, paparating na, nabubuo na sa isang pangulong bato, patungo sa manipestasyon ng pagbabalik ng mga anak ng Diyos, at ganap na pagpasok ng Espiritu ng Diyos sa mga taong ito, hanggang ang kanilang ministeryo ay maging katulad na katulad ng kay Cristo, hanggang Siya at ang Kaniyang iglesia ay mapag-isa nito.

16 Ilan ang nag-aral ng kasaysayan ng mga pyramid? Sa wari ko'y may isang dilag ditong nagtaas ng kaniyang kamay. Tama.

Sumulat ang Diyos ng tatlong Biblia. Ang isa sa kanila ay ang Zodiac sa kalangitan. Iyon ang unang Biblia. Dapat tumingala ang tao upang mapagtantong ang Diyos ay mula sa itaas. Sundan n'yo ang Zodiac; napag-aralan n'yo na ba? Isinasaysay nito maging ang bawat kapanahunan, kahit ang panahon ng cancer. Isinasaysay nito ang pasimula, ang kapanganakan ni Cristo. Ano ang unang pigura sa Zodiac? Ang birhen. Ano ang huling pigura? Ang Leo na leon. Ang una at ikalawang pagdating ni Cristo, lahat ng iyon ay nakasulat do'n.

At ang sumunod na Bibliang naisulat, ay sa bato, na kung tawagin ay pyramid. Sumulat ang Diyos sa mga pyramid. Kung pag-aaralan mo ang mga iyon, tignan n'yo ang matandang mga kasaysayan at digmaan, kung papaanong itinayo ang mga iyon bago ang pagkawasak sa pamamagitan ng baha.

17 Ang ikatlo ay isinulat sa papel, ang Biblia, para sa dakila, matalino't intelektuwal na daigdig na paparating. Ngayon, sa pagkilos ng Diyos sa buong kapanahunan, tayo'y nasa panahon na ni Leong leon. Tayo'y nasa pagtatakip na ng pyramid. Tayo'y nasa Aklat na ng Apocalipsis sa huling kabanata. Ang sabi ng Siyensiya tatlong minuto na lang maghahating-gabi na. Oh, isipin n'yo kung nasaan na tayo.

At pansinin n'yo, kunin nating halimbawa ang pyramid; madali lang iyon. Para iyong isang tatlsulok.

Nung narito tayo sa ibaba sa pasimula ng naunang kapanahunan ng iglesia, matapos ang repormasyon nung panahon ni Luther, sabihin lang ng isang tao na siya ay isang Cristiano, buhay o kamatayan ang ibig sabihin nito. Siya'y papatayin nila dahil lang sinasabi niyang isa siyang Cristiano. Samakatuwid para dumaan ka sa pag-uusig…Bawat kapanahunan, sa bawat pagkakataon, nagkaroon ng pag-uusig.

"Lahat ng mabubuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay magbabata ng pag-uusig."

Sa kapanahunan ni Luther, nakatatakot na magsabing isa kang "Lutheran." Ikaw ay itunuturing na isang panatiko at maaaring ipapatay. Madalas ay pinapatay sila sa pamamagitan ng pagsunog, at iba pa, dahil sa pagiging Lutheran.

18 At ang iglesia ay kumitid, tulad sa pyramid. Pumasok ito isa na namang hakbang ng biyaya, at iyon ay ang pagpapakabanal: kapanahunan ni Wesley, nang iprotesta niya ang Anglican church, at nagturo siya ng pagpapakabanal. Pumasok ito muli sa minoridad, at tinawag silang isang bungkos ng mga panatiko.

Ilan dito ang Methodist dati, o dati rati'y Methodist, o minsang nakunekta sa iglesiang Methodist? Kalahati sa inyo. Alam n'yo bang minsan nang muntik na taglayin ng iglesiang Methodist ang Espiritu Santo? Nagpunta ako noon sa mga simbahang Methodist at nakita ko silang bumabagsak sa sahig, at sinasabuyan nila sila ng tubig sa mukha at pinapaypayan, hinahadlangan nilang malukuban sila ng Espiritu Santo. Tama. Ngayon, totoo iyan, sa mabuburol na dako ng Kentucky kung saan may mga Methodist dati. Kayo ay mga pasali-sali lamang sa mga simbahan dito. May mga Methodist kami dati roon, at mga Baptist. Lumuluhod kami sa altar at hinahampas namin ang isa't isa sa likuran hanggang sa mayroon kaming mapala. Lubos kaming nananalangin; nababago ang pamumuhay namin pagkatapos niyon.

Ngunit kayo'y lumalapit lamang, naglalagay ng pangalan n'yo sa aklat, at nagsasabi, "Ako'y isang Methodist." At kinukuha n'yo ang lalagyan ng asin at sinasabuyan n'yo ng kaunting tubig ang inyong sarili, at iyon na 'yon. Lalabas kayo at magsusuot ng shorts, magmemake-up, mangangarera, tataya, magsusugal, maglalaro ng slot machine at lahat ng iba pa, at kayo'y mabuti pa ring mga Methodist. Kita n'yo? Hindi ganiyan ang mga Methodist. Iyan ay mga sumasali-sali lang sa simbahan. Tama. Ang mga Baptist ay gayon din, ang Presbyterian, ang iba pa ay gayon din…

19 Tulad ng sabi ni David duPlessis, "Mga apo, walang mga apo ang Diyos." Di kailanman nagkaapo ang Diyos. Mayroon Siyang mga anak, ngunit di mga apo. Tama. Kayo… At ang mga taong pumapasok sa iglesiang Methodist, iglesiang Pentecostal, o iglesiang Baptist, dahil ang inyong nanay o tatay ay Pentecostal o Baptist, kayo'y apo. Sila ay mga anak. Kayo'y apo. Kita n'yo? Samakatuwid walang ganiyan ang Diyos. Ang iglesia ay maraming ganiyan, ngunit hindi—ngunit hindi—hindi ang… hindi ang Diyos.

20 Ngayon, pansinin n'yo ang mga ito, nagpatuloy ito hanggang sa humantong sa minoridad ng iglesia. Ang kapanahunang Pentecostal ay dumating. Tunay ngang iyon ay nagtanggal ng maraming bukol. At iyon ay… Anong ginawa niyon? Iniwan nito ang Methodist at Lutheran.

Ngayon, ang Espiritu Santo'y lumayo sa kapanahunang Pentecostal. Anong ginawa nila? Nag-organisa sila, ginawa nila ang sarili na, "Mga Assemblies of God kami. Mga Oneness kami. Mga Twoness kami. Church of God kami. Ganito, o ganiyan kami. Hindi ka kasapi; di ka makapapasok sa langit malibang nakalagay ang pangalan mo sa aming aklat." Oh, napakawalang-saysay. Hindi mahalaga kung ikaw ay isang Baptist, Methodist, Presbyterian; nasa Aklat ng Buhay ang pangalan mo nang ito'y ilagay do'n ng Diyos. Kung kayo ay predestinado sa Buhay na Walang Hanggang, tatawagin kayo ng Diyos sa isang paraan, kung papaano man, sa anu't anumang paraan. Tunay ngang gagawin Niya iyon. "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin."

Anuman ang iglesiang kinaaaniban mo, wala iyong kinalaman do'n. Ngunit walang magagawa sa iyo ang denominasyon, bagkus maaaring humadlang ito nang husto sa iyo upang magpatuloy ka sa Diyos, ngunit wala na iyong gagawing iba pa: titipunin kayo kasama ng mga mananampalataya at di mananampalataya. Anupa't makakatagpo kayo niyon kahit saan kayo pumunta, at maging sa langit ay mayroon silang ganun dati. Kaya't ayos lang iyon, ngunit nakatingin kayo sa inyong denominasyon. Tumingin kayo kay Jesus; Siya ang dapat na tignan.

21 Ngayon, sa ating pagbaba sa… Mayroon sila dating… Ilan… Sa wari ko ang babaeng ito ay nagtaas ng kaniyang kamay na kaniyang pinag-aralan ang mga pyramid. Alam n'yo, ang pyramid ay di tinakpan, di ba? Wala itong pangtakip na bato. Hindi nila iyon makita. Di nila alam kung anong nangyari do'n.

Bakit? Bakit hindi iyon nilagyan ng pangtakip na bato, ng pangulong bato, sa tuktok niyon? Sapagkat Siya'y tinanggihan nang Siya ay dumating. Siya ang tinanggihang Bato. Tama. Ngunit iyon ay malalagyan ng takip. Tama. At ang mga batong lalakip sa pangulongbato ay kakailanganing maging mga batong katulad na katulad ng batong iyon, na ito'y ganap na lalapat. Sakdal na sakdal ang pyramid na di ka maaaring magdaan ng razor sa dugtungan ng mga batong iyon, napakaganda nang pagkakayari. Ang ilan sa mga iyon ay tumitimbang ng daan-daang tonelada sa itaas, at sakdal na sakdal ang pagkakalapat.

22 Ganiyan inihahatid ng Diyos ang Kaniyang iglesia. Lapat na lapat ang pagkakakunekta natin sa isa't isa, may iisang puso at isang pagkakasundo. Ngayon, may nagsasabi, "Buweno, ang mga Lutheran noon ay walang anumang taglay." Huwag mong paniwalaan iyon. Ang mga Lutheran ay babangon sa pagkabuhay na muli tulad din ng iba pang magbabangon sa pagkabuhay na muli. Baptist, mga Presbyterian, at lahat ng mga anak ng Diyos ay babangon sa pagkabuhay na muli. At iyan ang dahilan kaya sinasabi ng mga tao sa araw na ito, "Oh, buweno, magkakaroon ng malawakang revival na hahayo at magliligtas ng isang daang milyong Pentecostal at ang lahat ay maliligtas, at magaganap ang pag-agaw." Nagkakamali kayo. Ang pag-agaw ay bubuuin ng daan-daang libo; tama; ngunit bubuin din sila ng anim na libong taon ng pagliligtas, sa nakalipas na anim na libong taon. Ang tao ay lumalakad sa Liwanag

alinsunod sa pagdating ng Liwanag sa kaniya; tinatawid niya ang mga tulay pag nakarating na siya sa mga iyon. Ngayon, kung tatanggihan niya Iyon, siya'y maiiwan sa kadiliman. Ngunit kung magpapatuloy siya…

23 Ngayon, pansinin n'yo, ang pagdating ng Panginoong Jesus ay malapit na, na ang Espiritung galing dito sa ibaba, sa pag-aaring ganap pa lamang, pagpapakabanal, bautismo ng Espiritu Santo, at ngayon ay humantong na sa panahon ng pagdating ng Pangulong Bato… Kailangang maging katulad na katulad ni Cristo ang iglesia, hanggang si Cristo at ang iglesia ay maari nang magkaisa, maging iisang Espiritu. At kung ang Espiritu ni Cristo ay nananahan sa iyo, pamumuhayin ka Nito ng buhay ni Cristo, ipakikilos sa iyo ang buhay ni Cristo, ipagagawa ang mga gawa ni Cristo. "Ang sumasampalataya sa Akin, gagawin niya rin ang mga gawang ginagawa Ko." Sinabi iyan ni Jesus. Kita n'yo? Ngayon, tayo'y magkakaroon… Mayroon tayong isang ministeryong paparating na katulad na katulad ng buhay ni Cristo. Ano ang ipinapakilala ng ministeryong iyon? Ang pagdating ng Panginoon.

Tignan n'yo ang sanlibutan sa araw na ito, at masdan n'yo kung anong sinasabi ni Khrushchev, ang lahat ng iba pang mga dakilang bagay na ito, at ang malalaking pangdaigdigang digmaang napipintong maganap anumang oras, ang mundo'y maaaring mapulbos sa anumang sandali. Tama. At kung gayon, alam nating malapit na iyon. Buweno, alalahanin n'yo, darating si Cristo para sa Kaniyang iglesia bago mangyari 'yon. Kaya gaano na kalapit ang pagdating ng Panginoong Jesus? Marahil bago matapos ang pagtitipong ito ngayong gabi. Tayo ay nasa huling panahon na. Tunay na tunay nga.

24 Masdan n'yo ang iglesia sa pagdating nito, sa pagsulong nito. Kunin n'yo ito sa inyong mga pag-iisip, kayong mga mananalaysay, na nag-aaral ng kasaysayan. Tignan n'yo ang iglesiang Lutheran sa ilalim ng pagaaring-ganap, sariwang-sariwa sa paglabas sa Catolisismo; tignan n'yo ang pagsulong nito. Pagkatapos ay tignan n'yo ang higit na paglapit ni Wesley papasok sa pagpapakabanal, nanuot sa mga Kasulatan. Tignan n'yo ang pagitang iyon, ang panahon ni Wesley. Ang sumunod na dumating ay ang kapanahunan ng Pentecostes, at ang kapanahunang Pentecostal kalakip ang panunumbalik ng mga kaloob, ng mga espirituwal na kaloob. Ngayon, tignan n'yo ang paparating na kapanahunang malapit na malapit na sa Pangulong Bato. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang pagdating ng Panginoon, na naihayag. Ang Diyos at ang buong sannilikha ay naghihintay na masumpungan ng iglesia ang tamang lugar nito.

25 Ang problema sa araw na ito, halos lahat ng nakilala ko… Ako ay inilabas; kukuha kami ng… Kailangan kong magpapisikal na pagsusuri, alam n'yo na, para sa pangingibang-bayan. Kayong mga minsyonero at iba pa, alam n'yo iyan. Nang ako ay nagpapasuri, inilabas nila ako sa silid, umiinom ako ng, sa tingin ko ay parang dough meal o kung anuman iyon, at iniinom ko iyon. At lumabas ako ro'n, naupo, at naghintay ng kalahating oras, upang malaman kung iyon ay lumabas sa aking sikmura o hindi. Pagtingin ko ro'n, naroon ang isang maliit na babae, na tila ba malapit nang mamatay. Napakaliliit ng kaniyang mga binti at mga braso. At nagpatuloy akong umusad mula sa isang lalaking ito patungo sa isa pa, mula sa lalaking ito tungo sa lalaking iyon, palapit sa kaniya, hanggang sa marating ko ang kinaroroonan niya. Parang mamamatay na ang abang babaeng iyon. Nilapitan ko siya; ang sabi ko, "Pagpaumanhinan mo ako, ginang."

Ang sabi niya, "Kumusta ka?" Oh, malala ang sakit niya.

At ang sabi ko, "Ano'ng problema?"

Ang sabi niya, "Nagpunta ako sa Tucson upang bisitahin ang aking anak na babae. Nagkasakit ako; hindi nila malaman kung ano'ng problema ko."

At ang sabi ko, "Isang bagay ang itatanong ko sa iyo." Ika ko, "Ako'y isang mangangaral ng Ebanghelyo. Ikaw ba ay isang Cristiano? Handan ka na bang yumao kung darating ang oras na iyon?"

At ang sabi niya, "Kabilang ako sa Ganun-at-Ganiyang iglesia."

Ang sabi ko, "Hindi iyon ang tanong na itinanong ko sa iyo. Ikaw ba ay isang Cristianong puspos ng Espiritu ng Diyos at handa nang yumao kapag tinawag ka Niya?" Ni hindi alam ng babaeng iyon ang sinasabi ko. Kita n'yo? Oh, kahabag-habag na tanawin ang kinaroroonan ng mundo.

26 Ngayon, "ipinakilala sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban," ang pagdating ng… Hayaan n'yong basahin ko sa inyo ang isang bagay. Nagbabasa ako sa… Buklatin na natin sa "hiwaga ng Kaniyang kalooban." Bumuklat tayo dito sandali sa Mga Hebreo, sa ika-7 kabanata ng Mga Hebreo, sa wari ko. Nais ko lang basahan kayo ng isang bagay na sadyang magpapasarap sa inyong pakiramdam kung iisipin n'yong tayo'y magkakasamang nakaupo sa mga makalangit na dako: ika-7 kabanata ng Mga Hebreo.

Sapagka't itong si Melquisedec… (Ngayon, masdan n'yo.)… Hari ng Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios…

27 Ano ngayon ang hiwaga? Narito ang hiwaga, masdan n'yo ito. Sino itong Lalaking ito na

nagpapakilala ng Kaniyang kalooban, itong si Melquisedec? Hinihintay ko ang bawat isa, ang mga Biblia ay binubuklat pa rin. Ika-7 kabanata ng Mga Hebreo, si Pablo ang nangungusap, siya rin yaong sa Mga Taga Galacia…

Sapagka't itong si Melquisedec, hari ng Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios… sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari at siya'y pinagpala niya;

Na siya namang binahagihan ni Abraham ng ikasampung bahagi ng lahat (na kung sasaysayin, una-una, siya'y Hari ng katuwiran, at saka Hari naman sa Salem… (Sino itong Lalaking ito?)… na sa makatuwid, ay Hari ng Kapayapaan;

Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi, at walang pasimula ng mga araw ni katapusan ng buhay man;…

28 Sino ang Lalaking ito? Sino Siya? Hindi Siya nagkaroon ng ama; di Siya nagkaroon ng ina; hindi Siya nagkaroon ng pasimula, o ng panahon man ng kamatayan. Sinulubong Niya si Abraham na galing sa paglupig sa mga hari. Ano ang Kaniyang ginagawa noon? Humayo siya upang kunin si Lot, ang naliligaw niyang kapatid, upang ibalik siya. At nilipol niya ang mga hari; at nalipol ang mga haring iyon; sa wari ko'y sampu o labinglimang mga hari, at ang kanilang mga kaharian. Ngunit sinandatahan ni Abraham ang kaniyang mga lingkod at hinabol siya, ibinukod niya ang kaniyang sarili pagdating ng gabi. Nakita n'yo ba kung kailan niya siya nahuli? Sa panahon ng gabi. Oh, kapatid, gumagawa tayo ngayon sa kadiliman; ang tanging Liwanag na mayroon tayo ay ang Liwanag ng Ebanghelyo. Ngunit ibinukod niya ang kaniyang sarili, at siya'y hinabol niya at ibinalik. At sa daan pabalik, pagkatapos ng pakikibaka…

Magtungo tayo sa Genesis 14, sandali, upang higit na malinaw ang kuwento. Pumunta tayo dito sa Genesis, sa ikaapat… Sa wari ko'y sa ika-14 na kabanata, Genesis 14. Oo, kunin natin ang Genesis 14:18, sa simula. Simulan natin sa bandang unahan niyon. Simulan natin, oo, sa ika-18 talata, Genesis 14:18, "At si Melquisedec…" Ngayon, iyan ay ang pagbabalik ni Abraham sa pagkakalipol sa mga hari. Bumalik siya, at sa daan pabalik, dala-dala si Lot, lahat ng mga taong tinangay nila…

29 Katulad na katulad ni David, na humayo at kinuha ang… Anong ginawa ni David? Kinuha niya ang munting tirador, humayo siya, at inagaw ang munting korderong ito mula sa bunganga ng leon. Isipin n'yo ang isang tirador, upang habulin ang isang kordero. Sino ang makagagawa niyon? Sabihin mo sa akin kung anong klase ng taong naririto ang makagagawa niyon, itaas mo ang iyong kamay. Sasabihin ko sa iyo kaagad na ika'y nagkakamali. Hindi n'yo nakitang itinaas ko ang kamay ko. Hindi, di ko siya hahabulin dala ang isang .30-06, mahirap na. Ngunit hinabol niya siya dala ang isang tirador, isang maliit na pirasong balat, na may dalawang tali, na iniikot. Dahil, nang dumating ang oras ng pangyayabang ni Goliath, sinugod niya si Goliath, at ang sabi niya, "Tinulutan ako ng Diyos ng kalangitan na magligtas ng isang kordero sa bunganga ng leon, at ganun din sa bunganga ng oso." Alam niya na hindi iyon dahil sa tirador. Ang kapangyarihan iyon ng Diyos na sumasakaniya. Siya ang nagbalik sa korderong iyon.

30 At iyon ang sinasabi natin sa araw na ito. Mayroong mga David ang Diyos na nasa paligid (Opo.), na nagpapakain ng mga tupa ng Diyos. At paminsan-minsan may tumor na darating, o cancer, o iba pa, at nakatatakas sa mga kamay ng duktor. Hindi maaawat niyon ang David na iyon; hahayo siya upang habulin ang lalaking iyon, dala ang isang maliit na tirador ng: "Humiling kayo ng anumang bagay sa Aking Pangalan; ito'y ipagkakaloob." Wala akong pakialam; maaaring magtawa ang mga duktor; at maaari siyang pagtawanan ng lahat ng iba pa; siya'y hahabulin pa rin niya, at ibabalik ang korderong iyon sa kawan. Opo. "Anak ito ng Diyos, bitiwan mo siya."

Pinatumba niya ang leong ito, pagkatapos ay nagtindig ang leon; sinunggaban niya ito sa kaniyang balbas at pinatay niya: isang napakaliit at mamula-mulang batang lalaki, marahil ay tumitimbang ng otsenta o nobenta libra.

31 Ngayon, masdan n'yo. Si Melquisedec, na Hari ng Salem, at Hari ng Kapayapaan, na sa katotohanan ay nasa kalaparan ng burol. Hari ito ng Jerusalem, iyon Siya. Iyon nga Siya talaga, Hari ng Jerusalem, at ang Jerusalem nung una ay tinawag na Salem, na walang iba kundi kapayapaan; iyon ang Jerusalem nung una, bago pa ito tawaging Jerusalem. Siya ang Hari ng Jerusalem. Siya ang Hari ng katuwiran, ang Hari ng kapayapaan, ang Hari ng Salem. Wala Siyang ama; wala Siyang ina; wala Siyang simula ng mga kaarawan; wala Siyang katapusan ng buhay; wala siyang pinagmulang lahi. Ha, ho, ho, ho, ho. Sino itong Lalaking ito? Masdan n'yo Siya.

Pagkatapos ng pakikipagbaka, matapos na makamit ang tagumpay, masdan n'yo kung anong sinabi Niya. "At si Melquisedec…" Sa ika-18 talata, sa ika-14 na kabanata ng Genesis.

At si Melquisedec, na hari sa Salem, ay naglabas ng tinapay at alak; at siya ay saserdote ng Kataastaasang Dios.

At binasbasan niya siya na sinabi, Pagpalain si Abraham ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng langit at ng lupa:

At purihin ang Kataastaasang Dios, na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram ng ikasampung bahagi ng buong samsam.

Ituloy pa natin nang kaunti ang pagbasa.

At sinabi ng hari ng Sodoma kay Abram, Ibigay mo sa akin at kunin mo sa ganang iyo ang mga pag-aari.

At sinabi ni Abram sa hari sa Sodoma, itinaas ko ang aking kamay sa Panginoong Dios na Kataastaasan, na may ari ng langit at lupa… (Tignan n'yo kung papaano niya iyon minadali, hmm, kung papaano niya iyon ibinigay sa kaniya.)

Isinumpa kong hindi ako kukuha maging isang sinulid, o maging isang panali ng pangyapak, o ng anomang nauukol sa iyo, baka iyong sabihin, Pinayaman ko si Abram:

Liban na lamang ang kinain ng mga binata,…

32 Pansinin n'yo, ang Melquisedec na ito, nang katagpuin Niya si Abraham mula sa paglipol sa mga hari… Ang hiwaga ng Diyos ngayon ay ipinapaalam na, Kung Sino ba Siya? Walang sinumang… Wala silang makuhang kasaysayan Niya, sapagkat wala Siyang ama; wala Siyang ina; di Siya nagkaroon ng pasimula; di Siya nagkaroon ng panahon ng kamatayan; kaya't sinuman Siya buhay pa rin Siya. Hindi Siya nagsimula, kaya't Siya'y walang iba kundi si El, Elah, Elohim; nabubuhay na mag-isa, nananahan na mag-isa, Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

Si Jesus ay may Ama; si Jesus ay may ina; si Jesus ay nagkaroon ng pasimula ng mga kaarawan; si Jesus ay nagkaroon ng katapusan ng buhay sa lupa. Ngunit ang Lalaking ito ay walang ama o ina (Amen.), walang ama o ina. Si Jesus ay mayroong Ama at Ina. Ang Lalaking ito ay walang ama o ina. Amen. At ano ang ginawa Niya? Matapos ang pakikibaka, matapos na makuha ni Abraham ang kaniyang posisyon…

Matapos na makuha ng iglesia ang posisyon nito, tayo'y tatawagin sa pagkukupkop bilang mga anak ng Espiritu Santo. At kapag nakuha na ng bawat isa ang kaniyang posisyon, anuman ang pagkatawag ng Diyos na dapat niyang gawin, at siya'y tumayo hanggang sa dulo ng landasin, nagliligtas ng mga naliligaw…

33 Una, inalis ni Pablo lahat ng takot dito. Kaya ngayon, kung ika'y tinawag, kung di pinaandar lang ng isang telohiya ang isip mo; kung ika'y tunay na isinilang na muli ng Espiritu, kung gayo'y itinalaga ka ng Diyos bago pa itatag ang sanlibutan, at inilagay ang iyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero; at ngayon tayo ay nagsasama-sama upang umupo sa mga makalangit na dako kay Cristo Jesus: "Isang banal na bayan, isang banal na bansa, isang pekulyar na bayan, makaharing pagkasaserdote, nag-aalay ng mga espirituwal na alay sa Diyos, iyon ay, ang mga bunga ng ating labi na nagbibigay papuri sa Kaniyang Pangalan."

Ang mga tao ay nagsisidating at nagsasabi, "Ang mga taong iyon ay baliw." Tunay nga; ang karunungan ng Diyos ay kamangmangan sa tao at ang karnungang ng tao ay kamangmangan sa Diyos. Magkasalungat ito sa isa't isa.

34 Ngunit ang isang iglesiang tunay na puspos ng Espiritu, puspos ng kapangyarihan ng Diyos, na magkakasamang nakaupo sa mga makalangit na dako, nag-aalay ng espirituwal na mga hain, mga papuri sa Diyos, kumikilos ang Espiritu Santo sa kanilang kalagitnaan, nakikilala ang kasalanan, at inilalantad ang mga bagay na mali sa kanilang kalagitnaan, itinutuwid at ginawa itong pantay at lebel… Sapagkat bakit? Di nawawala sa Presensiya ng Diyos ang duguang Alay.

Ngayon, alalahanin n'yo, dinaanan natin iyon kaninang umaga. Hindi ka naligtas ng Dugo; ika'y pinananatiling ligtas ng Dugo. Ngunit ikaw ay naligtas sa biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa paniniwala dito. Kumatok ang Diyos sa iyong puso, sapagkat itinalaga ka Niya. Tumingala ka, at ika'y sumampalataya, at ito'y tinanggap mo. Ngayon, gumagawa ng pangpalubag-loob para sa iyong mga kasalanan.

Alalahanin n'yo, ang sabi ko, "Hindi kinukundina ng Diyos ang isang makasalanan sa paggawa niya ng kasalanan." Sa pasimula pa lang ay makasalanan na siya. Kinukundina Niya ang isang Cristiano sa paggawa ng kasalanan. At dahil kinundena Niya siya, inako ni Cristo ang ating kahatulan. Kaya't wala nang hatol sa mga na kay Cristo Jesus, na di lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. At kapag gumawa ka ng anumang bagay na mali, hindi ito sinasadya. Hindi ka nagkakasala ng sinasadya. Ang isang taong nagkakasala nang sinasadya, humahayo at sinasadya ang pagkakasala ay di pa nakapapasok sa Katawan. Ngunit ang isang taong nakapasok na ro'n, siya'y patay na, at ang buhay niya ay nakatago na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, tinatakan ng Espiritu Santo, at di na siya makita ng Diablo; nasa kaloob-looban siya. Kakailanganin niyang lumabas do'n bago makapasok ang diablo, sapagkat ikaw ay patay na.

35 Sabihan mo ang isang taong patay na siya'y isang ipokrito tignan mo kung anong mangyayari. Sipain mo siya sa tagiliran at sabihin mo, "Ikaw na ipokrito, ikaw ay…" Hindi siya iimik. At iyon ay tama; siya'y mananatili lamang na nakahiga roon. At maaari mong sabihan ang isang taong patay na kay Cristo, na siya ay ipokrito, o anumang nais mo; di siya magbabangon dahil do'n. Kung anuman, palihim siyang magtutungo sa isang lugar at mananalangin para sa iyo. Tama.

Ngunit, oh, ang ilan sa kanila'y buhay na buhay pa. Iyon ang iniisip ko; dapat ay inililibing natin ang mga patay. Ang mga patay kay Cristo ay inililibing natin sa tubig. Minsan masyadong maraming tao ang inililibing natin na buhay: masyadong maraming malisya at pagtatalo-talo, at napakarami niyon sa iglesia. Ngunit di natin mabukod ang mga iyon, ngunit ang Diyos ang gumagawa niyon. Kilala Niya ang Kaniyang bayan. Kilala Niya ang Kaniyang mga tupa. Kilala Niya ang bawat tinig. Kilala Niya ang Kaniyang mga anak. Kilala Niya kung sinong maaari Niyang tawagin; kilala Niya kung sino ang Kaniyang itinalaga. Alam Niya kung kanino Niya ibinigay ang mga bagay na ito, ang instrumento ng Kaniyang pagpapakilala. Kung papaano Niya… Maaaring pagtiwalaan ng Diyos ang Kaniyang mga anak tungkol sa kung anong dapat gawin, dahil alam Niyang ganap nila itong tutuparin. Naniniwala ba kayong ginagawa iyon ng Diyos?

36 Aba, sabi ni Satanas kay Job isang araw—o sabi niya sa Diyos isang araw, "Siya nga, mayroon Kang isang lingkod."

Ang sabi ng Diyos, "Walang katulad niya sa ibabaw ng lupa. Isa siyang sakdang na tao," nagtiwala Siya sa kaniya.

Ang sabi ni Satanas, "Oh, siya nga, lahat kasi ng bagay ay madali sa kaniya. Hayaan mong mapasaakin siya sandali; ipasusumpa Kita sa kaniya sa Iyong harapan."

Ang sabi Niya, "Siya'y nasa iyong kamay, ngunit huwag mong kukunin ang kaniyang buhay." Kita n'yo? At ginawa niya ang lahat maliban sa kunin ang kaniyang buhay.

Ngunit, oh, si Job, imbes na… Anong ginawa niya? Isinumpa ba niya ang Diyos nang kunin ng Diyos ang mga anak niya, nang gawin niya lahat ng kasamaang ito sa kaniya, at lahat na? Hindi nagkuwestiyon si Job. Sumubsob siya at sumamba (Aleluia.), aniya, "Ang Panginoon ang nagkaloob, at ang Panginoon ang bumawi; purihin ang Pangalan ng Panginoon." Hayan.

Alam ng Diyos ang pagtitiwala Niya kay Job. Alam ng Diyos kung gaano Niya kayo mapagtitiwalaan. Alam Niya kung gaano Niya ako mapagtitiwalaan. Ngunit ang ipapangusap natin ngayon ay ang pagpupuwesto sa anak na ito.

37 Ngayon, nang ang Biblia—pagkatapos ng pakikipagbaka, pagkatapos ng lahat ng bagay, ano ang kasunod na gagawin natin? Ano ang bagay na gagawin natin pagkatapos ng pakikipagbaka? Alam n'yo ba kung anong gagawin natin? Sasalubungin natin si Melquisedec. Buklatin natin ang Mateo 16:16, nang mabilis, upang makita kung tama iyon o hindi. Mateo, ika-16 na kabanata at ika-16 na talata, tiyak na tiyak akong tama iyan, Mateo 16:16. Mateo 6… Hindi, mali iyon, di puwedeng ganun kalapit, 26:26. Dahil dito sa ika-16 na kabanata, Siya ay nangungusap kay Simon Pedro. Pagpaumanhinan ninyo ako, di ko sinadyang sabihin iyon. 26:26, dahil ang huling hapunan lamang ang nais kong makuha. Ika-26 na kabanata ng Mateo at sa ika-26 na talata, ngayon nakuha na natin siya; heto na, sa huling hapunan.

At samantalang sila'y nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala, at pinagputol-putol; at ibinigay sa mga alagad, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo; ito ang aking katawan.

At dumampot siya ng isang saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyan;

Sapagka't ito ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan…

(s-i-n-s, mga kasalanan, mga Cristianong gumagawa ng mga bagay na mali)

Sige, ngunit pakinggan n'yo, ika-29 na talata…

… sinasabi ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na ako iinom nitong bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin kong panibago na mga kasalo ko kayo sa kaharian ng aking Ama.

Ano? Kapareo nang ginawa ni Melquisedec matapos na makuha ni Abrahan ang kaniyang posisyon, maiayos ang kaniyang mga tauhan, at naipagwagi ang pakikipagbaka, at nang makauwi na, lumabas si Melquisedec na may dalang tinapay at alak. Pagkatapos ng pakikipagbaka, kakain tayo sa piging ng kasalan kasama ang Panginoong Jesus sa bagong mundo. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Tama.

38 Ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang minagaling… (Balik ulit sa Efeso 9)… na ipinasiya Niya sa Kaniya rin.

Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon…

At alalahanin n'yo na kalalampas lang natin do'n: Mga Taga Efeso, unang kabanata, ika-10 talata.

Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon…

Ngayon, nalaman nating ang kaganapan ng panahon ay naghihintay sa ano? Sa kapuspusan ng lahat ng panahon, ang panahon kung kailan ang kasalanan ay titigil na, ang panahon kung kailan ang kamatayan ay titigil na, ang panahon kung kailan ang karamdaman ay titigil na, ang panahon kung kailan ang kasalanan ay titigil na, ang panahon kung kailan lahat ng pambabaluktot at mga binaluktot na mga bagay na gawa ng Diablo ay matitigil na, ang panahon kung kailan ang panahon mismo ay titigil na. Masdan n'yo.

Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya sinasabi ko:

"Titipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo…" Tulad ng sinabi ko kaninang umaga, lahat ng mga mumunting ginintuang butil na ito na ating nasusumpungan, mapakikintab mo ang mahahalagang munting bagay na ito sa Genesis; maaari mong pakintabin ang mga ito sa Exodo; maaari mong pakintabin ang mga ito sa Levitico, at mapadadaan mo sa kabuuan; at si Apocalipsis hahantong ang mga ito kay Jesus. Kunin mo si Jose; kunin mo si Abraham; kunin mo si Isaac; kunin mo si Jacob; kunin mo si David; kunin mo alin man sa mga ginintuang butil na iyon, ang mga lalaking iyon ng Diyos, at tignan mo kung di mo makikitang nalalantad si Jesus Cristo sa bawat isa sa kanila. "Upang magawa Niyang tipunin ang lahat ng mga bagay sa Isa, kay Cristo Jesus."

39 Ngayon, ituloy pa natin nang kaunti, sa ika-11 talata…

Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana…

Oh, "isang mana…" Kailangang may mag-iwan sa iyo ng isang bagay upang iyong manahin. Tama ba? Isang mana, anong mana ang mayroon tgayo? Anong mana ang napasa akin? Wala akong anuman. Ngunit iniwanan ako ng Diyos ng mana nang ilagay Niya ang aking pangalan sa Aklat ng Cordero ng Buhay bago pa itatag ang sanlibutan.

Oh, sasabihin mo, "Ngayon, sandali lang, kapatid, ginawa iyon ni Jesus nang mamatay Siya para sa iyo." Hindi, hindi Niya ginawa iyon. Dumating si Jesus upang bumili ng mana para sa akin. Basahin n'yo ang kasunod na kasunod na talata, o ang kasunod na kasunod na linya.

Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban:

40 Ang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, gaya ng tinalakay natin sa ating pag-aaral, kayo: Kung papaanong nakita natin ang Diyos ay dating nabubuhay na mag-isa, at kung papaanong nasa Kaniya ang pag-ibig. Nasa Kaniya ang maging Diyos; walang pang anumang sasamba sa Kaniya. Nasa Kaniya ang maging isang Ama; mayroong… Siya ay nag-iisa. Nasa Kaniya ang maging Tagapagligtas: wala pang napapahamak noon. Nasa Kaniya ang maging isang Tagapagpagaling. Iyon ay mga katangian Niya. Wala pang anuman noon. Kaya't ang Kaniyang Sarili, ang sarili Niyang minagaling na kapasiyahan ang nagbunga ng mga bagay na ito, upang sa pamamagitan ng isang Lalaking ito, si Cristo Jesus, ay matipon muli ang lahat ng mga ito. Oh, hindi nakita ng mga mata o… Di kataka-takang ito'y isang mahiwagang bagay.

41 Tigna n'yo, "itinalaga Niya tayo sa manang ito…" Kung ako ang tamang tagapagmana ng isang bagay, kung kumakatok ang Diyos sa aking puso at nagsasabing, "William Branham, matagal na panahon na kitang tiwanag bago pa itatag ang sanlibutan upang mangaral ng Ebanghelyo," mayroon akong mana, isang mana ng Walang Hanggang Buhay. Ngayon, isinugo ng Diyos si Jesus upang gawing tunay ang manang iyon sa akin, sapagkat wala akong anumang maaaring gawin—upang magmana niyon. Blanko iyon; may bisa iyon; wala akong anumang maaaring gawin. Ngunit sa kapuspusan ng panahon isinugo ng Diyos, sa Kaniyang Sariling minagaling na panahon, si Jesus na Cordero, pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan. Ang Dugo Niya ay nabubo, upang makaparoon ako sa aking mana. Upang maging ano, anong mana? Sa pagiging anak, sa pagiging anak ng Diyos.

42 At ngayon, maaaring mabilaukan kayo rito. Ngunit alam n'yo bang ang mga taong mga anak ng Diyos ay mga munting diyos? Ilan ang nakakaalam niyan? Ilan ang nakakaalam na sinabi iyan ni Jesus? Sa Biblia, ang sabi ni Jesus, "Hindi ba't sinabi mismo ng inyong Kautusan na kayo ay mga diyos? At kung tinatawag n'yo silang mga diyos…" At, ang sabi ng Diyos sa Genesis 2 na sila ay mga diyos, sapagkat taglay nila ang buong pamamahala sa kaharian ng mundo. Binigyan Niya siya ng pamamahala sa lahat ng mga bagay. At naiwala niya ang kaniyang pagiging diyos; naiwala niya ang kaniyang pagiging anak; naiwala niya ang kaniyang paghahari; at si Satanas na ang naghari dito. Ngunit, kapatid, tayo ay

naghihintay sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos, na magsisipagbalik upang maghari ditong muli. Naghihintay tayo sa kapuspusan ng panahon, kung kailan ang pyramid ay hahantong na sa tuktok, kung kailan ang mga ganap na mga anak ng Diyos ay maihahayag, kung kailan ang kapangyarihan ng Diyos ay lalabas (Aleluia.) at kukunin kay Satanas ang lahat ng kapangyarihan na mayroon siya. Opo. Ito'y pag-aari niya.

43 Siya ang Logos na nagmula sa Diyos; iyon ay totoo; iyon ang Anak ng Diyos. At ginawa Niyang maliit na diyos ang lalaking iyon. At ang sabi Niya, "Kung tinatawag n'yong mga diyos ang mga dinadatnan ng Salita ng Diyos, ang mga propeta…" At ang Diyos Mismo ay nagsabing sila nga ay mga diyos. Sinabi Niya kay Moises, "Ginawa kitang isang diyos, at si Aaron bilang propeta mo." Amen. Whew. Maaaring umaaasta ako tulad sa isang relihiyosong baliw, ngunit hindi ako ganun. Oh, kung mabubuksan ang iyong mga mata upang makita ang mga bagay na iyon…

Tama. Ginawa Niyang isang diyos ang tao, isang diyos ng kaniyang kinasasakupan. At ang kaniyang kinasasakupan ay dulo't dulo ng karagatan, magkabi-kabilang dalampasigan. Siya ang namamahala niyon.

At nang dumating si Jesus, bilang Diyos na walang sala, pinatunayan Niya ito. Nang umihip ang hangin, ang sabi Niya, "Pumayapa, tumahimik." Amen. At sa punongkahoy ang sabi Niya, "Wala nang taong kakain ng bunga mo."

"Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, kayong mumunting diyos, kung sasabihin n'yo sa bundok na ito, 'makilos ka,' at di kayo mag-aalinlangan sa inyong puso, kundi sasampalatayang ang sinabi n'yo ay matutupad, mangyayari ang sinabi n'yo."

44 Magbabalik muli sa Genesis, sa orihinal; ano iyon? Ngayon, ang mundo at ang kalikasan ay dumadaing, humihibik; ang lahat ay papunta na sa ano? Sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos, kung kailan ang mga tunay na anak, puspos na mga anak ay mangungusap at ang salita nila ay mapagtitibay. Naniniwala akong tayo ay nasa gilid na niyon ngayon. Opo. Sabihin mo sa bundok na ito, mangyayari ito.

"Kapatid, nais ko ang ganito-at-ganiyan, may isang bagay na magaganap. Isa akong mananampalataya kay Jesus Cristo."

"Ibinibigay ko ito sa iyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo." Amen. Hayun ang isang manipestasyon.

"Oh, kapatid, natutuyot ang mga pananim ko roon. Hindi umuulan."

"Magsusugo ako ng ulan sa Pangalan ng Panginoong Diyos…?... pagpalain ang iyong mga pananim." Oh, naghihintay, himihibik, ang buong sannilikha, ay naghihintay sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos. Itinalaga ito ng Diyos sa pasimula. Ibinigay Niya sa tao ang paghahari.

45 Ibinigay Niya si Jesus Cristo, at ibinigay iyon ni Jesus sa Kaniyang Pangalan, taglay ang katiyakang ito, "Humiling kayo ng anuman sa Ama sa Aking Pangalan, ito'y gagawin ko." Oh, Brother Palmer. Naghihitay sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos, at posisyon, ang iglesia…

Tulad ng sinabi ko, ang Aklat ng Mga Taga Efeso ay ang Aklat ng Josue, at si Josue ang nagpuwesto sa mga tao kung saan sila nabibilang. Ngayon, kung hindi sila mananatili, matapos na ilagay niya sa dakong ito si Ephraim, pagkatapos ay tatakbo naman siya sa lupain ni Manases. At ang isang ito naman ay magbabalik na nakikipagtalo at nakikipag-away, papaano sila magkakasundo? Kapag ang isa ay nagsasabi, "Ako'y isang Baptist; ako'y isang Methodist; ako'y isang Pentecostal; ako'y oneness; ako'y twoness; ako'y Ganito-at-ganun." Papaano n'yo matutupad iyon? Manatili kayo.

Nagnanasa ang Diyos na ipuwesto ang Kaniyang iglesia, mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Diyos, itulot Mong mabuhay ako upang masaksihan ko iyon, ang panalangin ko, napakalapit na nito na tila halos nararamdaman ko na ito sa aking mga kamay; nariyan na iyon. Iyan ang hinangad kong makita, hinihintay ko ang panahon kung kailan sa paglalakad ko sa lansangan; may nakahigang lumpo mula sa sinapupunan ng kaniyang ina, "Pilak at ginto ay wala ako…?..." Oh, naghihintay sa manipestasyon ng mga anak ng Diyos (Aleluia.), kung kailan ipakikilala ng Diyos ang Kaniyang Sarili, kung kailan ay patitigilin nila ang karamdaman, pahihituin nila ang cancer, patitigilin nila ang mga sakit.

46 Iniisip n'yong matindi na ang cancer? Ang sabi ng Biblia may darating na panahon kung kailan ang mga tao ay mabubulok sa kanilang laman, at manginginain ang mga buwitre sa kanilang mga katawan bago pa sila mamatay. Ang cancer ay sakit lang ng ngipin kumpara sa darating. Ngunit, alalahanin n'yo, pinagbawalan ang kakila-kilabot na bagay na iyon na humipo sa mga may Tatak ng Diyos. Iyan ang pinagsisikapan natin ngayon, ang makapasok at maipuwesto nang tama sa Kaharian ng Diyos bago dumating ang kakila-kilabot na mga salot na ito. Oh, napakainam. Ang dispensasyon ng panahon, ang kapuspusan ng panahon, ang mana…

Tayo rin naman sa kaniya… nakatanggap ng… mana, na itinalaga…

47 Papaanong ibinigay sa atin ang ating mana, sa pamamagitan ng ano? Ng predestinasyon. Ang predestinasyon ay paunang kaalaman. Papaanong nalaman ng Diyos na mapagkakatiwalaan ka Niyang maging isang mangangaral? Sa pamamagitan ng Kaniyang paunang kaalaman. "Hindi sa may ibig, ni hindi sa tumatakbo, o sa… Kundi sa Diyos na naaawa." Tama. Predestinasyon, alam Niya kung ano ang nasa sa iyo. Alam na Niya kung anong nasa sa iyo bago ka pa magkaroon ng mundong mapupuntahan. Iyon—ganun Siya. Iyon ang impinit na Diyos, ang impinit. Kayo ay limitado; may limitasyon ang ating pag-iisip.

48 Grabe ang dating nito sa akin mula nang iyon ay mangyari sa akin, hindi ko alam. Pag naiisip ko roon, pagtayo ko roon sa loob ng ilang maligayang sandali, ay naisip ko, "Wala nang bukas." Wala nang kahapon; wala nang karamdaman; wala nang kapighatian. Walang munting kagalakan, kundi dakilang kagalakan; puro kagalakan. Ay, naku. Oh, nang tumayo ako ro'n ay sinabi ko, "Ano ito?"

Ang sabi ng Tinig na iyon, "Ito ay sakdal na pag-ibig, at lahat ng inibig mo at lahat ng umibig sa iyo ay naririto't kasama mo ngayon."

"At ihaharap mo kami sa Panginoon pagdating Niya, bilang mga tropeo ng iyong ministeryo."

Nakita ko ang naggagandahang mga kababaihan na nakatayo roon, ang lahat ay yumayakap sa akin at sumisigaw, "Pinakamamahal kong kapatid."

Nakita ko ang mga kalalakihang iyon na may buhok hanggang sa kanilang mga leeg, na nagtatakbuhan, niyayakap ako, at nagsasabi, "Ang mahal naming kapatid."

At naisip ko, "Anong ibig sabihin nito?"

Ang sabi niya, "Sila'y mga kapamilya mo."

Ang sabi ko, "Kapamilya ko? Hindi puwedeng magkaroon ng ganiyan karaming mga Branham; milyun-milyon ang mga iyan…"

Ang sabi niya, "Sila ang mga naakay mo sa Panginoon." Aleluia. "Sila ang mga naakay mo sa Panginoon. Sila ang…" Ika niya, "Nakikita mo ba ang isang nakatayo roon?" Pinakamagandang babaeng nakita ko… Aniya, "Higit nobenta anyos na siya nang akayin mo siya sa Diyos. Kaya pala humihiyaw siya, 'Mahal kong kapatid.'" Aniya, "Hindi na siya tatanda pa. Lampas na siya ro'n. Siya'y nasa karilagan ng kabataan. Nakatayo siya roon. Hindi na siya iinom ng malamig na tubig; hindi na niya iyon kailangan. Hindi na niya kailangang humiga at matulog, sapagkat di na siya napapagod. Wala nang bukas, wala nang kahapon, wala nang anuman. Nasa eternidad na tayo ngayon. Ngunit isang maluwalhating araw ang Anak ng Diyos ay darating, at ika'y hahatulan base sa Salitang ipinangaral mo sa kanila."

Oh, kapatid, ang sabi ko, "Kakailanganin bang dalhin ni Pablo ang grupo niya?"

"Opo."

Ang sabi ko, "Ipinangaral ko Iyon ng ayon na ayon sa pagkakasabi ni Pablo. Hindi ako lumihis; hindi ako nagsingit ng anumang mga kredo o anumang iba pa. Hindi ako nagbago."

At lahat sila ay sabay-sabay na sumigaw, "Alam namin 'yon. Nagtitiwala kami nang may katiyakan." Anila, "Kakatawanin mo kami sa Kaniya, pagkatapos ay magbabalik tayong lahat muli sa lupa upang mabuhay magpakailan man." Ay, naku.

49 Nung pagkakataong iyon nagsimula akong magbalik sa aking hinagap. Pagtingin ko, nakita kong nakahiga sa kama ang aking katawan, tumatanda na at nangungulubot, at nahuhukot, at—at may sakit at may karamdaman, at nakita kong nasa likod ng aking ulo ang aking mga kamay, at naisip ko, "Oh, kakailanganin ko bang bumalik muli sa bagay na iyon?"

At walang tigil kong naririnig ang Tinig na iyon, "Magpatuloy ka na may pagsisikap. Magpatuloy ka na may pagsisikap."

Ang sabi ko, "Panginoon, dati pa'y naniniwala na ako sa Divine healing; patuloy akong maniniwala ro'n. Ngunit magsisikap ako para sa mga kaluluwa, kaya't tulungan Mo ako. Magkakaroon ako roon ng marami na aking… Hayaan Mong mabuhay pa ako Panginoon, at magdadagdag ako ro'n ng isa pang milyon, kung hahayaan Mo lang akong mabuhay pa."

50 Hindi mahalaga sa akin kung anong kulay, anong kredo, anong pangkamamamayan, ano man sila; iisa sila lahat pagdating doon. Ang mga linya ng hangganan ay mawawala na. Oh, nakikita ko ang mga kababaihang iyon, napakagaganda, di pa ako nakakita… nakalugay sa likuran nila ang kanilang mahahabang buhok, mahahaba ang palda. Nakayapak sila. Nakita ko ang mga kalalakihang may buhok na hanggang leeg nila, mamula-mula ang buhok, maitim, at lahat ng iba pang kulay. At inaakbayan nila akong lahat. Nararamdaman ko sila. Naramdaman ko ang kanilang mga kamay. Ang Diyos ang aking Hukom, at ang nakabukas na banal na Aklat na ito, naramdaman ko sila tulad ng nararamdaman ko ang

aking mga kamay sa aking mukha.

At inaakbayan nila ako, wala nang sensasyon ng babae tulad ngayon. Wala akong pakialam kung gaano ka kabanal, kung sino ka man, anumang uri ka ng mangangaral, pari, o anuman; walang lalaking papayagan ng isang babaeng yumakap sa kaniya, na hindi magkakaroon ng makataong sensasyon. Totoong totoo 'yan. Ngunit, kapatid, pagtawid mo mula rito papunta ro'n, hindi na ganun do'n. Ay, naku. Napaka, oh, mayroong… Imposible. Puros pag-ibig na ro'n. Ang lahat ay tunay na kapatid na lalaki at ang lahat ay tunay na kapatid na babae. Wala nang kamatayan, wala nang kapighatian, wala nang pagseselos, wala nang anuman, walang makapapasok do'n. Sadyang kasakdalan lamang. Iyon ang pinagsisikapan ko. Iyon ang dahilan ng pagpupuwesto ko.

51 Ang sabi ko, "O Panginoon, iyon ang dahilan kaya narito ako sa iglesia, sinisikap kong isaayos ang iglesia," sinasabihan ko kayong mga kapatid na lalaki at babae na iisa lang ang makapapasok do'n; iyon ay ang sakdal na pag-ibig. Hindi dahil kayo ay tapat sa Branham Tabernacle, o sa simbahang Methodist, o sa Baptist, ayos lang ang mga iyon; dapat lang. Ngunit, oh, mga kaibigan, kailangan n'yong… Hindi dahil nagsalita kayo ng iba't ibang wika, nagsayaw sa Espiritu, dahil nagpalayas kayo ng mga demonyo, at nagpausog ng mga bundok sa pamamagitan ng pananampalataya. Ayos lang ang lahat ng iyon, sapagkat tama iyon, ngunit kung wala pa rin doon ang sakdal na pag-ibig. Diyan ang sakdal na… [Patlang sa tape—Es.]

52 … Nakatanggap sila ng mana… (Anong minana natin? Walang hanggang Buhay)… na itinalaga na Niya… Papaano?

Naiintindihan ba 'yon ng bawat isa? Kayo ba ang tumawag sa Diyos? Hindi, ang Diyos ang tumawag sa inyo. Walang taong naghanap sa Diyos. Ang Diyos ang naghahanap sa tao. Ang sabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin malibang dalhin Siya ng Aking Ama." Kita n'yo, kalikasan ng tao na tumakbo sa Diyos. At sasabihin n'yo ngayon…

Iyon naman ang bumabagabag sa akin, ang mangaral sa inyo; huwag kayong manatili sa kaparehong kundisyon na kinaroroonan n'yo; magbago na kayo. Pakinggan n'yo ako sa pagsasabi ko ng, ITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi ko tinatawag na ganito ang aking sarili; hindi. Ngunit tinawag n'yo akong propeta n'yo, o isang propeta. Pinaniniwalaan iyon ng mundo, ng buong mundo, milyun-milyong mga tao. Nakapangusap na ako direktahan man o hindi sa sampu o—sampu o labindalawang milyong mga tao, o higit pa, sa direktahang pangungusap. Nakakita na ako ng libu-libong mga pangitain, at mga tanda at kababalaghan, at walang isa man sa mga iyon ang di natupad. At iyon ay tama. Nagsabi Siya sa akin ng mga bagay bago pa mangyari na di kailan man nabigong maganap nang eksaktong eksakto. Dadalhin ko sa korte ang sinumang tao tungkol diyan. Tama. Hindi ko inaangking ako ay isang propeta, ngunit nakikinig kayo sa akin.

53 ITO ANG SABI NG PANGINOON, kakailanganin ang sakdal na pananampalataya upang makapapasok kayo ro'n, sapagkat iyon lang ang mayroon doon. Gaano man karaming relihiyosong demonstrasyon, gaano man karaming mabubuting gawa na iyong nagawa, o anuman ang iyong nagawa, hindi iyon mabibilang kaunti man sa araw na iyon. Kakailanganin ang sakdal na pag-ibig. Kaya't anuman ang ginagawa mo, isantabi mo lahat ng iba pa, hanggang sa ikaw ay lubusang mapuspos ng pag-ibig ng Diyos, hanggang iyo nang maibig ang mga namumuhi sa iyo.

Ako'y sadyang, tulad ng sabi ko kaninang umaga, nabuo ako… Ang buong pagkakayari sa akin ay biyaya. Napakaraming mga taong nagsasabi, "Ngayon, kamutin mo ang aking likuran, kakamutin ko rin ang sa iyo. Oo, gumawa ka ng isang bagay para sa akin, gagawa ako ng isang bagay para sa iyo." Hindi iyan biyaya. Ang biyaya ay, kung nangangati ang iyong likuran, kakamutin ko ito, kamutin mo man ang sa akin o hindi; sampalin mo ako, at sabihin mo, "nangangati ang likod ko, kailangan nito ng pagkamot," kakamutin ko ito. Kita n'yo? Iyon na 'yon; gumagawa ka ng isang bagay. Hindi ako naniniwala sa mga gawa; naniniwala akong ang mga gawa ay pag-ibig. Ang mga gawa ay—ang mga gawa ay manipestasyon na ang biyaya ay nangyari na.

Hindi ako nagtatapat sa aking maybahay dahil sa paniwala ko'y hihiwalayan niya ako kung di ako magtatapat; nagtatapat ako sa kaniya dahil mahal ko siya.

54 Hindi ako nangangaral ng Ebanghelyo dahil iniisip kong mapapasa-impiyerno ako kung hindi ako mangangaral; nangangaral ako ng Ebanghelyo dahil mahal ko Siya. Tunay nga. Palagay n'yo ba tatawid ako sa mga binabagyong dagat na iyon, at ang mga eroplano ay nagpapasubsob-subsob, at nagliliwanag ang mga kidlat sa paligid, at lahat na, at sa anumang sandali… at ang lahat ay nagsisigawan, at ang "Aba ginoong Maria" ay idinadalangin sa buong eroplano, at ang lahat ay… Ang mga tao'y napagwawagwagan sa sinturong pangkaligtasan, at ang piloto ay nagsasabi "Sapat na lang ang gas para tumagal ng labinglimang minuto, di ko alam kung nasaan na tayo." Sa palagay n'yo ba'y gagawin ko iyon para lang masiyahan? Ha. Palagay n'yo babalik pa ako sa mga kagubatan kung saan kinailangang palibutan ako ng mga sundalong Aleman bawat gabi at ihatid at sunduin ako sa pagtitipon, hanggang sa magsimulang gumawa ang Espiritu Santo ng mga himala, habang may mga komunista na nagteteleskopyo

sa akin, upang barilin ako na may isang milya ang layo. Palagay n'yo ba'y gagawin ko iyon para lang masiyahan? Ito'y dahil mayroong isang bagay sa aking kalooban, pag-ibig. Sila'y mga taong pinag-alayan ni Cristo ng Kaniyang buhay. Ang sabi ni Pablo, "Di lang ako handang sumampa sa Jerusalem, kundi sasampa ako ro'n upang mapako sa krus. Paroroon ako upang mamatay. Paroroon ako upang mamatay para sa layunin ng Panginoon." Ito'y isang bagay, pinupuwersa ako ng pag-ibig, ibinubunsod ka niyon. Ganun nga talaga.

55 Kung mangangral ako ng Ebanghelyo para sa salapi, wala sana akong utang na dalawampung libong dolyar ngayong gabi. Hindi ako magkakautang nang ganun. Hindi po. Dahil kung kinuha ko lang ang—ilan sa mga milyong ibinigay sa akin. Isang lalaki, isang lalaki ang nagsugo ng isang ahente ng FBI na may dalang isang miyon at kalahating dolyar. At ang sabi ko, "Isauli mo 'yan." Hindi dahil sa pera, hindi ito pera. Hindi ako nangangaral ng Ebanghelyo dahil sa pera, hindi para riyan.

Ito'y dahil sa pag-ibig. Ang nais kong gawin ay, pagtawid ko sa kabilang buhay, at ito'y maaaring maganap sa loob ng limang minuto mula ngayon; ito'y maaaring maganap sa loob ng dalawang oras mula ngayon; maaari itong maganap limampung taon mula ngayon. Hindi ko alam kung kailan iyon mangyayari. Ngunit kapag nangyari 'yon, at nakarating na ako ro'n, nais kong makitang patakbong naglalapitan ang karilagan ng kabataan, at sumisigaw ng "Mahal kong kapatid, aking kapatid." Iyan ang nasa aking puso. Iyan ang dahilan.

Hindi ako sumasalungat sa inyo para lang maiba, ngunit sinisikap kong dalhin kayo sa daang tama. Iyon ang daan papasok. Hindi ang inyong iglesia, hindi ang inyong mga denominasyon, kundi ang inyong kapanganakan kay Cristo. Ay, naku. Whew.

56 Tayo rin naman sa kaniya… ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo ng una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban:

Makinig kayo. Magtatapos na tayo sa loob ng ilang sandali. Makinig nang husto ngayon bago tayo magtapos.

Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una kay Cristo.

Na sa kaniya'y kayo rin naman ay nanampalataya…

Masdan n'yo ito ngayon nang maigi. Isuot n'yo ang inyong mga jacket, Gospel jacket. Panatiliin n'yong nakabukas ang inyong mga tainga; makinig kayong maigi. Ako'y nasa ika-13 talata.

Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan,—na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya…

("Ang pananampalataya ay nagmumula sa pakikinig ng Salita ng…) [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Diyos."—Ed.]…

Ano ang Katotohanan? Ang Salita ng Diyos. Tama ba? Juan 17:17, kayo na nagsusulat ng mga Kasulatan, ang sabi ni Jesus, "Pagingbanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Katotohanan; ang Iyong Salita ay Katotohanan."

57 … pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan…

Ano ang kaligtasan na sinisikap niyang sabihin sa kanila? Itinalaga bago pa itatag ang sanlibutan (Tama ba iyon?) sa pagkukupkop ng mga anak, itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan. Ngayon, matapos na makapasok kayo sa Buhay na Walang Hanggan, matapos na kayo'y maligtas, mapaging-banal, mapuspos ng Espiritu Santo, kayo'y mga anak na. Ngayon, nais ng Diyos na kayo'y ipuwesto nang tama, oh, upang kayo ay makagawa para sa Kaniyang Kaharin at sa Kaniyang kaluwalhatian.

Iyan ang Ebanghelyo. Ang una ay dinggin ang Salita, "Magsisi, magpabautismo sa Ngalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan." Aalisin lahat ng inyong mga kasalanan, pagtawag sa Ngalan ng Panginoong Jesus Cristo para sa lupang pangako… Ang pangako ay para sa bawat manlalakbay na nasa inyong daan. Kung umalis ka sa iyong tahanan ngayong gabi, na isang makasalanan, na nagsasabi, "Pupunta ako sa Branaham Tabernacle," binibigyan ka ng Diyos ng pagkakataon ngayong gabi. May isang bagay na nasa pagitan mo at ng Lupang pangako. Ano ang Lupang pangako? Ang Espiritu Santo. Ang nasa pagitan ni Josue at ng Lupang pangako ay ang Jordan. Eksakto nga.

58 Inikaya ni Moises, bilang isang tipo ni Cristo, ang mga anak hanggang sa lupang pangako; at di naipasok ni Moises ang mga anak sa ipinangakong lupain. Si Josue ang nagpasok sa mga tao at naghati-hati ng lupain. Binayaran ni Cristo ang halaga, inihatid sila sa Espiritu Santo. Isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo, at ipinuwesto Niya nang maayos ang iglesia, ang bawat tao ay pinuspos Niya ng Presensya ng Kaniyang Persona. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang lahat ay kay Cristo Jesus, ganap Niya itong itinalaga sa pagtawag ng Ebanghelyong ito.

Si Pablo, sa Mga Taga Galatia 1:8 ay nagsabi, "Isang Anghel man ang dumating at mangaral sa inyo ng iba, siya ay matakwil." Ang Katotohanan, ang Ebanghelyo… Ngayon, makinig kayo nang husto habang patuloy tayo sa pagbasa, tatapusin natin ang talata.

… ang evangelio ng inyong kaligtasan: na sa kaniya rin naman… (Makinig kayo nang maigi)… matapos kayong manampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako,

59 Sa huling mga araw, ayon sa Biblia… Ngayon, masdan n'yo. Sa mga huling araw magkakaroon ng dalawang uri ng mga tao. Ang isa sa kanila ay magkakaroon ng Tatak ng Diyos, ang isa naman ay ng tatak ng hayop. Tama ba? Ilan ang nakaaalam niyan? Buweno, kung ang Tatak ng Diyos ay ang Tatak ng… Kung ang Tatak ng Diyos ay ang Espiritu Santo, kung gayon kung wala kang Espiritu Santo, mayroon kang tatak ng hayop. At sinabi ng Biblia na ang dalawang espiritung ito ay magiging magkahawig na magkahawig, na dadayain nito ang pinaka Hirang kung maaari lang. Hindi niya iyon magagawa, sapagkat sila'y itinalaga sa Buhay na Walang Hanggan. Kita n'yo? Ang pagsisimba ay isa lamang karaniwang…

60 May sampung dalagang humayo upang salubungin ang Panginoon, lahat ay pinaging-banal, lahat ay banal, bawat isa sa kanila ay pinaging-banal. Ang lima ay nagpatumpik-tumpik at hinayaang mamatay ang kanilang ilawan. Ang lima ay mayroong langis sa kanilang ilawan. "At, narito ang Kasintahang Lalaki ang dumarating." At ang limang mayroong langis sa kanilang ilawan ay pumasok sa piging ng kasalan. At ang iba ay naiwan sa labas, kung saan ay nagkaroon ng pag-iyak, pagtangis, at pagngangalit ng ngipin. Maging handa kayo, dahil di n'yo alam kung kailan darating ang Panginoon. Inyong… Ano ang kinakatawan ng Langis sa Biblia? Espiritu Santo.

61 Ngayon, kung kayo ngayon ay mga kapatid na Seventh-day Adventist na nagsasabing ang ikapitong araw ang tatak ng Diyos, magpakita kayo ng isang Kasulatan upang ito'y patunayan. Sabi ng Biblia ang Tatak ng Diyos ay ang Espiritu Santo. Masdan n'yo, masdan n'yo ang ika-13 talata ngayon.

… matapos na kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako.

Buksan n'yo sa Efeso 4:30; sa paniwala ko'y iyon 'yon. Tignan natin kung di natin makuha ang 4:30; tignan n'yo kung hindi ito magkapareho: ika-4 na kabanata ng Efeso at sa ika-30 talata, oo nga, heto, 4:30.

At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggan sa kaarawan ng pagkatubos.

62 Gaano katagal? Kapag natanggap mo ang Espiritu Santo, gaano ito magtatagal sa iyo? Hanggang sa susunod na revival? Hanggan sa makasalubong mo si Lola? Hanggang sa mapagalitan ka ng iyong amo? Hanggang sa araw ng iyong pagkatubos. Aleluia.

Pagkatapos mong pumanaw, matapos na makapasok ka na sa lupaing iyon, at kasama mo na ang iyong mga mahal sa buhay, ikaw ay puspos pa rin ng Espiritu Santo. Kasulatan… Tulad ka pa rin ng kung ano ka ngayon, kaya lang ikaw ay lumipat na sa ibang katawan. Nagpalit ka lang ng bahay. Ang isang ito ay tumanda na; hindi mo na maikabit ang mga tisa nito; nabulok na ang balangkas ng bubungan. Tama. Kaya't itinaboy mo na lang ito, at hinayaang mabulok na lubusan, at ika'y lumipat sa bago. Tama ba? "Sapagkat kung magiba ang makalupang tabernakulong ito, mayroon tayong isang naghihintay."

63 Naaalala n'yo nung nakaraang araw ay tinalakay natin iyon? Habang ang munting sanggol ay nabubuo sa sinapupunan ng ina, ang mumunting mga muscle nito ay sumisipa-sipa at papintig-pintig at sige ang galaw… Ngunit sa sandaling mailuwal ng ina ang sanggol, at ito ay naisilang na sa lupa, ang unang nangyayari ay may espirituwal na katawang sumasalo sa natural na katawang iyon. Marahil ay tinapik ito ng duktor [Ipinalakpak ni Brother Branham ang kaniyang mga kamay—Ed.] nang ganiyan, o kung anuman upang ito ay mayugyog, at "wa, wa, wa." At ilalapit ito kaagad sa dibdib ng ina, "um, um," sinisipsip niya nang husto ang suso ng ina, upang paglabasin ito ng gatas.

Ang isang sanggol na baka, pagkalabas na pagkalabas nito sa inahin, itutukod nito ang kaniyang mga tuhod pagkatapos ng ilang sandali. Anong gagawin nito? Kikilos ito papunta sa kaniyang inahin, at magpapasimulang sumuso nang ganiyan, at kukuha ng gatas, Aleluia. Opo.

Pagdating ng natural na katawang ito sa lupa, mayroong isang espirituwal na katawan na naghihintay para dito. At kapag ang natural na katawang ito ay nahimlay na sa lupa (Aleluia.), mayroong isang naghihintay sa dako pa roon. Lumilipat lang tayo mula rito papasok sa iba; nagpapalit tayo ng dakong panahanan.

Ang mortal na ito ay magbibihis ng imortalidad; ang epirituwal na ito, ang nabubulok na ito ay magbibihis ng di nabubulok. Ang matanda at kulubot, hukot, kubadong katawang ito, ngunit di magbabago ang hitsura sa anumang paraan; ang ibig kong sabihin ay pagdating nito roon, tataglayin mo pa rin ang kaparehong espiritu.

64 Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng isang munting bagay na tila ba nakalilito sa inyo, ngunit ito ang sabi ng Biblia. Pagkatapos ay magbibigay ako sa inyo ng maglilinaw naman nito sa inyo. Masdan n'yo ito. Nang si Saul, ang hari, ang malaking mangangaral ng denominasyong naroroon nung panahon iyon, alam n'yo na, at ang ulo't balikat niya ay mas mataas sa kanilang lahat, at siya ay natakot; wala siyang anumang nalalaman tungkol sa supernatural. Kinailangang dumating ni David at iligtas ang kordero mula sa bunganga ng leon, at patayin si Goliath. Masdan n'yo siya. Napalayo na siya nang husto sa Diyos; namuhi siya sa holy-roller na mangangaral na ito. Sa halip kasi na pumanig sa kaniya at tumulong sa kaniya, siya'y kinalaban niya. Kung di ba naman ganiyan nga ang larawan, ang eksaktong larawan: tinalikuran siya.

65 Ilan ba ang naririto nang umalis ako sa aking unang pagbiyahe at ako'y nangaral ng "Pagpaslang ni David kay Goliath," nang ako'y umalis? Marami, ilan, may kaunti sa mga matatagal na. Naghahanda na naman akong umalis sa paksang ito. Alalahanin n'yo, nakita natin kung ano yaong kararating lang nung nakaraang Linggo? Papasok na ito sa ibang yugto. Ang ikalawang kampanya ni David, ang ikalawang yugto ng kaniyang ministeryo. Iyon nga talaga. At, pagkatapos ay naging hari siya ng Israel. Pansinin n'yo na ang ministeryo ngayon ay humahayo na papasok sa mas dakilang yugto, lumalabas ito na mas dakila. Ganun si David.

Ngayon, pansinin n'yo sa pagdating ni David, oh, nang ipapaslang ng Diyos kay David ang leon, pansinin n'yo, at ang oso, pagkatapos ay ang Filisteo… Ngayon, dumating ang pagkakataong pinalukuban ng Diyos ng isang masamang espiritu ang lalaking ito. At ngayon, anong layunin? Upang kamuhian niya si David. At naniniwala ako…

66 Ngayon, ang mga tape na ito… Ngayon, makinig kayo, mga kapatid, kayong nakikinig sa mga tape na ito, kung di kayo sumasang-ayon sa akin, patawarin n'yo ako. Kita n'yo, mahal ko kayo. Magkikita pa rin naman tayo doon (Kita n'yo?), sapagkat kung ikaw ay tao ng Diyos, magkikita pa rin tayo. Ngunit nais kong sabihin ito: narito ang dahilan. Dahil lang nakita ni Saul na may taglay si David na wala siya… At anong nangyari?

Ang medyo hukot na lalaking ito. Lumabas siya ro'n, at si Saul… Nang isuot niya ang baluti ni Saul, parang nakikini-kinita kong ang kalasag niya ay umabot sa kaniyang mga paa. At ang sabi niya, "Alisin mo nga ang bagay na ito sa akin." Tama. Ngayon, marahil ay binigyan niya siya ng isang doctor's degree, ng isang Ph.D., o LL.D., o ng kung anuman, alam n'yo na. Ganun na lang ang pagsasabi niya, "Wala akong alam tungkol sa bagay na iyan, dahil di ko pa iyan napatutunayan. Hayaan mong dalhin ko itong alam ko kung papaanong gamitin." Opo. Kinuha niya ang tirador.

67 At ginalit nila si David dahil ang mga anak na babae, ang mga iglesia, ang mga iglesia ay nag-aawitan ng, "Maaaring nakapatay si Saul ng kaniyang libu-libo, ngunit tagsasampung libo ang napatay ni David."

At siya ay nagselos, "Ang Pangalan ni Jesus na iyon, wala iyon." Tama. At ano ang ginawa ng Diyos sa kaniya? Nagpadala ang Diyos ng isang masamang espiritu sa kaniya (Kita n'yo?) upang kamuhian si David, at kinamuhian niya si David nang walang dahilan.

Puwede sanang pilipitin ni David ng ilang beses ang kaniyang leeg. Puwede niya iyong gawin, ngunit hinayaan niya na lang. Di na lang siya nagsalita. Tunay ngang maaari niya iyong gawin. Lumapit siya at pinutulan ang laylayan ng kaniyang damit isang gabi, bumalik siya, at nagsabi, "Tignan mo ito, nakikita mo ba?" Opo, puwede niya sana iyong gawin, ngunit hindi niya siya pinakialaman. Maaari niya sanang wasakin ang at ipangalat ang kaniyang kongregasyon, at magsimula ng sarili niyang organisasyon kung gusto niya. Ngunit di niya iyon ginawa; hinayaan niya lang na magpatuloy si Saul. Hayaan n'yong ang Diyos ang makipaglaban. Opo.

68 Kaya't siya ay humayo, at natapos ang kampanya, at ang pagkakalukob ng masamang espiritu kay Saul ay humantong sa di na siya makatanggap ng sagot mula sa Diyos. Matapos ang ilang panahon siya'y… Ang Espiritu ng Panginoon ay umalis na sa kaniya. At si Samuel, ang tinanggihan nila, at siyang tunay na Tinig ng Diyos sa kanila, ang nagpaalala sa kanila bago pa sila maghangad na umastang tulad ng sanlibutan…

Bakit nais umasta ng iglesia tulad ng sanlibutan? Bakit ang Pentecostal na bautismado ng Espiritu Santo, ang mga Methodist, at Baptist, at Presbyterian na may karanasan sa Espiritu Santo ay naghahangad na umastang tulad ng sanlibutan? Bakit nila iyon ginagawa? Hindi ko alam. Sadyang di ko iyon maintindihan. Sasabihin mo, "Buweno, masayang magbaraha, para lang sa kaunting kasayahan, barya-barya lang," anupaman ang tawag n'yo ro'n. Ito'y kasalanan. Dapat ay wala kayo ng mga bagay na iyan sa inyong bahay. "Aba'y, hindi naman makapipinsala na uminom ng maliit na baso ng serbesa sa labas. Uh, mayroon kaming kaunti lang. Ako at ang aking maybahay ay umiinom ng kaunti lamang sa hapon." At malalaman n'yo na lang na umiinom na rin nang kaunti ang inyong mga anak. Tunay nga.

69 At kayong mga kadalagahan, Hmm. Ang diablo ay gumawa lamang ng isang… Iyon ang ginawa niya nung pasimula, at tunay ngang kayo ang pinupuntirya niya mga kapatid na babae. Ginagawa niya iyan

upang… Sapgakat alam niya kung anong maaari niyang gawin. Maaari niyang dayain ang isang babae nang mas mabilis ng sanlibong ulit kaysa sa isang lalaki. Alam kong nasasaktan kayo siyan, ngunit iyan ang katotohanan. Eksakto nga. Iyan ang ginawa niya sa halamanan ng Eden. Maaari niyang… Ngayon, siya ay tapat; siya ay sinsero, ngunit siya ay nadaya. "Si Adan ay hindi nadaya," ang sabi ng Biblia. Hindi siya nadaya, ngunit ang babae ay nadaya. Kaya't maaari niya siyang dayain. Ganun pa man ang mga pastor ay humahayo pa rin at nagtatalaga ng mga babaeng mangangaral, at itinatalaga sila para mamuno sa mga kongregasyon, at ito ay kinukundena ng Biblia mula sa Genesis hanggang sa Apocalipsis.

Sasabihin mo, "Buweno, ayos lang iyon. Ayos lang iyon. Sila'y mayroong… Maaari silang mangaral tulad ng kahit sino." Alam kong ganiyan nga.

70 Tulad ng mayroong isang nagsalita ng iba't ibang wika minsan; nagpatuloy lang ako sa pangangaral. At nang lumabas ako, may isang babaeng nagsabi sa aking anak na lalaki, aniya, "Mayroon akong mensaheng ibibigay bukas ng gabi," ika niya, "pag pumunta na sa entablado ang tatay mo." Ang sabi niya, "Aba, isang mensahe, anong ibig mong sabihin?"

At nung gabing iyon nung nakahanda na, nung mananawagan na ako sa altar, inayos na niya ang kaniyang buhok, at itinaas ang kaniyang mga stocking at lahat na, naghanda na siya, nagtungo siya sa gitna ng sahig at nagsimulang maglulundag, magsalita sa iba't ibang wika, at magpropesiya. Nagpatuloy lang ako sa pangangaral, at nanawagan ako sa altar. Buweno, hindi ko talaga iyon inirespeto kaunti man; hindi iyon tama.

Kaya nga, buweno, sinabi ng Biblia na huwag, ang sabi, "Ang espiritu ng mga propeta ay napapasakop sa propeta." Ang Diyos ay nasa… Nangungusap ang Diyos sa plataporma, hayaan n'yo Siyang mangusap. Ang sabi ni Pablo, "Kung mayroong naihayag sa isa, manahimik siya hanggang sa matapos yaong isa." Tama.

Ngayon, nang lumabas ako, ang mga taong ito ay nagsabi, isang malaking lupon ng mga tao, ang sabi, "Pinighati mo ang Espiritu Santo ngayong gabi."

Ang sabi ko, "Papaano? Anong ginawa ko?"

Anila, "Buweno, nang magbigay ng mensahe ang babaeng iyon. Aleluia, ang sabi ay…"

"Aba'y," ang sabi ko, "Nangangaral ako. Siya ay wala sa kaaysusan."

"Oh," ang sabi niya, "iyon ay sariwa mula sa trono. Mas sariwa pa iyon kaysa sa iyong ipingangaral." Ha.

71 Ngayon, nagpapakita lamang iyan ng… Nagpapakita iyan ng kundi nitong… At sinasabi ko ito sa inyong respeto, o kabaliwan, o sa kawalang respeto, o ignoranteng pagtuturong walang kamalay-malay sa Diyos. Ngayon, iyan, di ko iyan sinasabi upang maging isang walang saysay na pangungusap, sapagkat hindi ito lugar para magpatawa. Ngunit iyan nga talaga ang katotohanan. Ang isang taong nakakaalam na hindi ang Diyos ang may akda ng kaguluhan. Siya'y sa kapayapaan. Hindi nila alam ang Biblia. At ang tanging alam nilang gawin ay ang maglulundag, magsalita ng iba't ibang wika, na nagsasabi, "Mayroon akong Espiritu Santo. Aleluia."

Naparoon ako at nakita ko, sa Africa, ang mga mangkukulam at iba pa na nagsasalita sa iba't ibang wika, at umiinom ng dugo mula sa bungo ng tao, tumatawag sa diablo, at nagsasalita sa iba't ibang wika.

72 At ganunpaman ang pagsasalita sa iba't ibang wika ay isang kaloob ng Diyos, ngunit hindi iyon ang di-sumasalang katibayan ng Espiritu Santo. Hayaan n'yong sabihin ko na 'yan ngayon. Naniniwala akong lahat ng kinakasihang banal ay nagsasalita ng iba't ibang wika. Naniniwala akong minsan ang isang tao ay labis na nakakasihan ng Diyos hanggang sa siya ay magsalita sa iba't ibang wika. Naniniwala ako riyan. Ngunit hindi ako naniniwalang iyan ay anumang tanda na taglay mo ang Espiritu Santo. Opo. Naniniwala akong may mga panahong ang isang tao ay nagkakaroon ng pananamapalataya na lumapit sa batang may cancer at patungan siya ng kamay, samantalang may limampung mangangaral na ang nanalangin dito, at ito ay gagaling; sapagkat ang ina ay may pananampalataya para sa bata. Ibinigay ito ng Diyos sa kaniya; siya'y miyembro ng Katawan ni Cristo. Opo. Naniniwala ako riyan. Nakita ko na 'yang nangyari, at naniniwala akong iyan ay totoo. Ngunit dapat isaayos ang iglesia, ilagay sa kaayusan upang tayo ay makagawa.

73 Ngayon, tapusin natin ang natitira sa talatang ito bago tayo umalis.

… matapos na kayo'y magsisamapalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako…

Tatak, ano ba ang tatak? Ano ba ang selyo? Ang isang selyo ay, una, nagpapakita ito ng isang natapos na gawa, isang natapos na gawa. Ang kasunod na ipinapakita nito ay pagmamay-ari. At ang sumusunod na ipinapakita nito ay seguridad, pag-iingat dito. Sabihin natin, halimbawa, dati-rati akong nagtatrabaho sa Pennsylvania Railroad; kasama ko dati ang tatay ko na nagtatrabaho sa riles ng tren.

Nagpupuno kami ng mga bagol. At nagkakarga kami sa kumpanyang ito na nag-iimpake; magkakarga kami ng mga lata. At maglalagay kami ng ilan dito sa itaas, at ilan naman dito sa ibaba, at ang ilan naman ay dito sa bandang ito. Ngunit bago selyuhan ang bagol, pupuntahan iyon ng inspektor, at itutulak niya, sasalyahin niya ang isang ito, aalugin ang isang iyon. "Naku. Kinukundena ko ito. Magkakabasag-basag ang lahat ng ito bago ito makarating. Kinukundena ko ito. Ilabas n'yo ang mga ito. At ikarga n'yo ulit." Kunindena ng inspector ang bagol.

74 Ang Espiritu Santo ang Inspektor. Inaalog Niya kayo nang kaunti, at kayo'y kumakalampag. Naniniwala ba kayo sa lahat ng Salita ng Diyos? "Hindi ako naniniwala sa Ngalan ni Jesus na iyon." Kundenado ito. Ikaw ay kumakalampag. Kita n'yo? "Hindi ako naniniwala sa Divine healing o sa gayong bagay." Kumakalampag pa rin, ilabas ang mga ito. Naniniwala ka ba na si Jesus ay siya pa rin kahapon… "Buweno, sa ibang paraan." Kumakalampag ka. Sipain mo ito palabas; hindi pa ito handa. Opo.

Kapatid, kapag handa na itong magsabi ng "amen…" Natanggap mo na ba ang Espiritu Santo? "Amen." Tapos na ba ang lahat? "Amen." Pagkatapos anong gagawin ng Inspektor? Ang lahat ay nakakamada na nang maigi at mahigpit, puspos ng Ebanghelyo. Oh, ang bawat Salita ng Diyos ay mabuti. Ang lahat ay sakdal. "Naniniwala ako sa bawat Salita. Amen. Amen. Amen." Naniniwala ka ba na nagpapagaling pa rin ang Diyos? "Amen." Naniniwala ka ba na si Jesus ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man? "Amen." Naniniwala ka ba na sintotoo pa rin ang Espiritu Santo tulad ng dati? "Amen." Naniniwala ka ba na ang Espiritu Santong bumaba kay Pablo ay siya ring bumababa sa atin? "Amen." Naniniwala ka bang gumagawa ito ng kaparehong mga bagay sa atin tulad ng sa kanila? "Amen." Ha, oh, humihigpit na siya ngayon. Kita n'yo, humihigpit na; handa na nating isara ang pintuan. Sige.

75 Kung magkagayo'y isasara na ng inspektor ang pintuan. Anong gagawin niya? Lalagyan niya ito ng selyo. At bababa siya rito at kukuha ng plais at aabutin niya ang munting bagay na ito at iyon ay seselyuhan. Huwag na huwag mong sisirain iyon. Kung ang destinasyon ng bagol ay sa Boston, hindi maaaring sirain iyon. Ikakukulong mo kapag sinira mo iyon hanggang sa dumating ito sa Boston. At ang isang taong may awtoridad ang maaaring magbukas ng selyong iyon, at siya lamang. Tama. Pag-aari ito ng kung anong railroad company. Ito'y selyo nila. Iyon ang katiyakan nilang ang bagol na ito ay napuno na; ang bagol na ito ay handa na. Pag-aari nila ito. Hindi nila maaaring ilagay ang "B & O" sa Pennsylvania. Kailangan kang maselyuhan, at kapag ito'y naselyuhan na…

76 At kapag ang Cristiano ay napuno na ng Ebanghelyo, puspos na ng kabutihan ng Diyos, nasa loob na niya ang lahat ng mabubuting bagay ng Diyos, may bukas na puso, handang gumawa, laang maipuwesto sa tamang lugar, gumagawa ng anumang iutos sa kaniya ng Espiritu Santo, lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay, nilinis sa lahat ng mga bagay ng sanlibutan, lumalakad sa Liwanag habang ang Liwanag ay dumarating sa kaniya, nagpapatuloy; handa na siya. Kung gayo'y isasara na ng Diyos ang pintuan ng sanlibutan sa kaniyang likuran, at pagtatamain Niya nang ganiyan, at tatatakan siya ng Espiritu Santong ipinangako. Aleluia. Gaano katagal? Hanggang sa destinasyon. Huwag mo siyang ilabas dito sa riles ng tren, at buksan at tignan kung maayos pa rin ang lahat. Maayos iyon; huwag mo itong pakialaman. Nasuri na ito ng Inspektor. Gaaano ka katagal natatatakan? Hanggang sa araw ng iyong katubusan. Ganiyan ka katagal natatatakan.

"Buweno, pag namatay ka, paano, Brother Branham, paano kapag namatay ka na, sabi mo tataglayin mo pa rin Iyon?" Taglay mo Ito magpakailan man. Saan ba nagsisimula ang Buhay? Sa altar. Diyan ay nakakikita ka ng kaunting anino. Iyon ay anino, ang Tatak ng Espiritu Santo. Pagkatapos ito magiging anino ng mga anino ng mga anino, tulad ng sinabi ko nung isang araw. Ngunit kapag namatay ka, ikaw ay magpapatuloy na lumagos sa mga aninong iyon hanggang sa dumating ka sa hamog, mula sa hamog darating ka sa isang lumalagaslas na batis, mula sa batis darating ka sa isang sapa, mula sa sapa hahantong ka sa isang ilog, mula sa ilog hahantong ka sa isang karagatan (Kita n'yo?) ng pag-ibig ng Diyos. Ikaw pa rin iyon.

77 Tignan n'yo ito. Si Saul, ang backslider na iyon, di siya makaabot sa Diyos, ngunit di siya napahamak. Tunay ngang hindi. Siya'y isang propeta, ngunit lumabas lang siya sa Diyos. iyon ang dahilan, mga kapatid, ang sabi ko, "Hindi kayo mga napahamak." Kaya nga alalahanin n'yo, lumabas lang siya sa kalooban ng Diyos; kaya nga nalaman n'yo na lang na di na siya makasang-ayon. Ngayon, marahil ay di ko dapat sinabi 'yon. Sige, nagpapatuloy lang ako sa harap ng isang masayang kongregasyon ngayong gabi. Kaya nga, alam n'yo na, pagdaka'y, naku, nagpunta siya sa Urim Thummim.

Alam n'yo ba kung ano ang Urim Thummim, iyon ay ang pectoral (breastplate), ang efod na sinusuot ni Aaron. At simula't sapul, ang Diyos sa tuwina ay isang supernatural na Diyos na tumutugon sa mga pamamaraang supernatural. At kapag ang isang propeta ay nagpropesiya, pagkatapos ay walang makitang liwanag na suminag sa Urim Thummim, siya'y nagkamali. Kapag ang isang mapanaginipin ay nagsabi ng isang panaginip, at di ito nagliwanag sa Urim Thummim, wala akong pakialam kung gaano iyon kaganda pakinggan; mali iyon. Tama.

78 At wala akong pakialam kung gaaano man karaming doctor's degree ang mayroon ka at kung gaano

kalaki ang iyong organisasyon, kapag ikaw ay nanghula at nangaral, at ito'y di ayon sa Salitang ito, mali ka, kapatid. Ika'y… Ito ang Urim Thummim. Kapag sinabi mong di ka naitalaga bago pa itataga ang sanlibutan, hindi siya magliliwanag; sapagkat ang sabi ng Biblia ika'y naitalaga. Kapag sinabi mong dapat kang mabautismuhan sa ngalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo, hindi ito magliliwanag; sapagkat walang sinumang nabautismuhan sa Biblia sa ganung paraan, kundi sa pangalan lamang ng Panginoong Jesus. Hindi ito magliliwanag, kaya't mayroong mali kung saan.

79 Kaya't ang Urim Thummim ay di sumasagot kay Saul, at ni hindi siya makapanaginip. Masyado na siyang nalayo, hanggang sa ni hindi na siya makapanaginip. Kaya't alam n'yo kung anong ginawa niya? Nagtungo siya sa matandang mangkukulam, sa diablong duktor na naroroon, mangkukulam. At ang sabi niya, "Kaya mo bang tumawag ng patay?"

Ang sabi niya, "Oo, ngunit ang sabi ni Saul papatayin niya lahat ng nagtatawag ng patay."

Aniya, "Puprotektahan kita," nakabihis sundalo siya. Ang sabi niya, "Tawagin mo para sa akin si Samuel na propeta."

At siya'y nanawagan. At nang gawin niya iyon, sumubasob siya; ang sabi niya, "Nakakakita ako ng mga diyos na naglalapitan."

Kita n'yo, siya'y isang hiteno, "mga diyos," dalawa o tatlo sila, tulad ng Ama, Anak, Espiritu Santo, o anumang tulad niyon, alam n'yo na. Ika niya, "Nakakakita ako ng mga diyos na naglalapitan."

Ang sabi niya, "Ilarawan mo siya. Anong hitsura niya? Anong kamukha niya?"

Aniya, "Siya'y mapayat, at mayroon siyang balabal sa kaniyang mga balikat." Hindi siya nagbago kaunti man.

Ang sabi niya, "Si Samuel iyan. Dalhin mo siya dito sa silid; dalhim mo siya dito sa harapan ko."

At masdan n'yo nang si Samuel ay dumating sa harapan ni Saul, ang sabi niya, "Bakit mo ako tinawag, nakikita mong ika'y naging kaaway ng Diyos?" At masdan n'yo. Hindi lang sa si Samuel pa rin siya, taglay pa rin niya ang espiritu ng propesiya. Sasabihin n'yong mali ito; hayaan n'yong sabihin ng sinuman na mali ito. Ito ang katotohanan. Siya ay isang propeta pa rin. Sapagkat ang sabi niya, nanghula siya at nagsabi, "Ang pakikipagbaka'y laban sa inyo bukas, at ikaw at ang iyong mga anak ay mamamatay sa pakikipagbaka bukas, at sa ganitong oras bukas ng gabi ay makakasama ko na kayo." Tama ba? Siya'y isa pa ring propeta.

Ngayon, sasabihin mo, "Oh, isang mangkukulam ang gumawa niyon."

80 Sige, magsasabi ako sa inyo ng Isang hindi mangkululam. Isinama ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan, at umakyat sila sa Bundok ng Pagbabagong-anyo minsan, at nakatayo sila sa tuktok ng bundok. At ipinupuwesto ng Diyos si Jesus, ang Kaniyang Anak tulad ng sinisikap kong—tinalakay natin 'yon nung nakaraang gabi, ang pagpupuwesto ng anak. At nang maparoon sila, tumingin sila sa paligid at nalaman nila na naroroon sina Moises at Elias. Sila'y nag-uusap, nakikipag-ugnayan, hindi sila mga mapuputing bandila na palutang-lutang, o maliliit na puting ulap, ang ibig kong sabihin, na palutang-lutang. Kundi sila ay mga tao, nagsasalita. Si Moises ay inilibing sa isang di matukoy na libingan sa loob ng walong daang taon. At si Elias ay umuwi naman sa isang karuwahe limang daang taon na ang nakalilipas. At narito sila pareho, buhay na buhay pa rin tulad ng dati, nakatayo ro'n at nakikipag-usap sa Kaniya bago Siya magtungo sa Kalbaryo. Aleluia. "Tinatakan hanggang sa araw ng katubusan…"

81 Magmamadali ako, at pagkatapos ay magtatapos na tayo, dahil gabi na, at mananalangin tayo para sa mga may sakit, mga limang minuto pa. Ika-14 na talata…?... kapag inuna n'yong basahin dito ang ika-13, nabibigyan n'yo ng background.

Na sa kaniya'y kayo… pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan:…

Ngayon, alalahanin n'yo, ganun na lang ang kaligtasang natanggap nila. Ang mga ito—ang mga ito ay mga Cristianong Taga Efeso. Sila'y… Ngayon, tignan n'yo, napansin n'yo ba ang mga Taga Corinto? Kinailangan niyang sabihan sila palagi, "Kapag ako ay pumapariyan sa inyo, mayroong isang may wika, mayroong isang may wika, isang may salmo, isang may propesiya, isang may…" Kita n'yo, hindi niya sila maturuan ng kahit na ano, sapagkat palagi silang naghahangad ng ganito, ganiyan, o ng iba pa. Gayon din ang taglay ng mga taong ito, ngunit taglay nila iyon na may kaayusan. Hindi niya tinuruan ang mga Taga Corinto ng anumang tulad nito; hindi niya magawa. Wala pa sa kaayusan ang iglesia upang turuan nito. Ngayon, maaari na niyang turuan ang mga taong ito ng tunay na bagay.

… na, inyong kaligtasan:

… na sa kaniya rin naman matapos… na kayo'y magsisampalataya, kayo'y natatakan ng Espiritu Santo na ipinangako,

Na siyang patotoo… (Oh, hayaan n'yong huwag kong lampasan iyan.)… siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pagaari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian… (Whew.)

82 Ano ang Espiritu Santo? Ngayon, babasahin ko ang natitira nang mabilis na mabilis kung mapagtitiisan n'yo ako nang ganito. Nasaan ba tayo nung nakaraang gabi, Brother Mike? Lahat ba sila ay masaya, oh, ang lahat ay mapayapa; iyon ang sakdal na pag-ibig. Ngayon, sa tuwing kumikilos ka nang paganito, bumabagsak ka nang kaunti, bumabagsak. Sa tuwing humahakbang ka, nalalapit ka ng ilang pulgada. Pagdating nito sa lupa, ang mayroon ka ay anino na lang ng anino ng mga anino. Ngayon, ganiyan karaming Espiritu Santo ang taglay mo. Iyan ang pag-ibig. Ngunit oh, ikaw ay nauuhaw sa kung anong bagay.

Oh, hindi ba gugustuhin ng mga tao tulad ng matatanda, ang mga matatanda… Gustung-gusto kong bumalik sa pagiging kinse anyos muli, o bente anyos. Oh, ibibigay ko kahit ano. Anong magagawang buti niyon sa akin? Maaaring maging kinse anyos ako pagkatapos ay mamatay pa rin ngayong gabi. Wala itong katiyakan. Ano kung kinse anyos ka ngayong gabi, papaano mo malalaman kung buhay pa ang iyong ina pag-uwi mo sa bahay o hindi na? Papaano mo malalamang makakauwi ka pa? Papaano mo malalamang ikaw ay buhay pa bukas kung ikaw ay dose anyos, at may sakdal na kalusugan? Maaaring mamatay ka sa aksidente, mabuwal ka't mamatay, maaaring mangyari ang anumang bagay sa iyo. Walang katiyakan (Kita n'yo?), walang tiyak dito. Ngunit inaasam mo iyon. Ano iyon? Yung nasa itaas ang nagbubunsod sa iyong maghangad niyon.

83 Ngayon, pagpasok mo rito, mayroon ka nang Buhay na Walang Hanggan. Ngayon, anong nangyayari? Ito ang "paunang-bayad."

Ano ang paunang-bayad sa anumang bagay? Kung ako ay lumapit sa iyo upang bumili ng kotse, sasabihin ko, "Magkano ang kotseng iyan?"

Sasabihin mo, "Ang babayaran mong halaga, Brother Branham, sa kotseng ito ay tatlong libong dolyar."

"Magkano ang paunang-bayad?"

"Buweno, hahayaan kong makuha mo ito sa halagang limang daang dolyar."

"Sige, narito ang limang daang dolyar. Dadalhin ko na lang ang nalalabi sa iyo sa lalong medaling panahon na magagawa ko. Hawakan mo ang kotse." Bibigyan kita ng limang daang dolyar; iyan ang paunang-bayad. Tama ba?

Ngayon, hawakan mo 'yan; iyan ang paunang-bayad.

… pagkatapos kayo'y natatakan ng… Espiritung ipinangako, ng Espiritung ipinangako,… matapos na kayo'y matatakan…

Na siyang… (Ano, ano ang Tatak ng pangako, ang Espiritu Santong ipinangako?)… Na siyang patotoo sa ating mana hanggang… sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios,…

84 Ano iyon? Iyon ang paunang-bayad. At kapatid, oh, kung ito ay paunang-bayad pa lang, papaano na kapag nakuha natin…?... Magiging ano na iyon? Kung ito ang… Kung dito ay nasisiyahan na tayo ngayon, at labis na nagagalak hangang sa… Nakakita ako ng mga kalalakihang nobenta anyos na sadyang halos hindi…

Nakakita aka ng isang matandang mangangaral na tumayo isang gabi. Isang lalaking negro, nakasuot ng napakahabang amerikanang pangmangangaral.

Ang sabi ko, "Bakit di na lang nila hinayaang mangaral ang mga batang mangangaral na iyon?"

Ang sabi niya, "Buweno," aniya, "mga kapatid," ika, "buong araw ko nang naririnig na nangangaral ang mga kapatid na lalaki," aniya, "tungkol sa kung anong ginawa ni Jesus sa lupa. Sasaysayin ko naman kung anong ginawa Niya sa langit." Ang sabi niya, "Hahanguin ko ang aking teksto ngayong gabi sa Job 7:27," aniya, "noong napakatagal na bago pa itatag ang sanlibutan," ang sabi, "nang mag-awitan ang mga tala sa umaga at magsigawan ang mga anak na lalaki ng Diyos dahil sa kagalakan." Nagpatuloy siya nang ganun… Aniya, "Alam n'yo, mayroong naganap noon." Ang sabi niya, "Alam n'yo…" At sinimulan niyang sabihin kung anong nangyari sa langit. Dinala niya iyon sa pahalang na bahag-hari sa ikalawang pagdating ng Panginoon. Sa pagkakataong iyon, tinamaan siya ng Espiritu Santo. Ngayon, kinailangan nilang akayin ang matandang iyon palabas; mga nobenta'y singko na siya. Ganito na siya, hukot na hukot na, at may kakaunting paikot na buhok na natitira, alam n'yo na, katulad nito. Humayo siya't nagsimulang mangaral, ang sabi, "Whoopee. Aleluia. Luwalhati." Naglulundag siya na ganun. Aniya, "Oh, hindi sapat ang lugar n'yo rito para pangaralan ko. Naglulundag siya nang ganun nang todo-todo. At iyon ay paunang-bayad pa lamang. Oh.

85 Ano ang ginagawa ng Espiritu Santo? Oh, narito ang isang magandang dako. Hayaan n'yong basahin ko ang unang talata ng kasunod na kabanata. Maaari ba? Ayos lang ba? Sabihin n'yo, "amen." [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."—Ed.] Sige, sa unang talata ng ikalawang kabanata, bilisan natin. Makinig kayo.

Kayo na dating… Kayo… At kayo'y binuhay niya, nang kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan:

"Kayo'y binuhay Niya…" Ano ang ibig sabihin ng "binuhay"? "Ginawang buhay." Halos patay na kayo, ngunit binuhay Niya kayo sa pamamagitan lamang ng paunang-bayad. Papaano na kapag talagang nahawakan mo na ang mga dibidendo?...?... Oh. Di kataka-takang si Pablo, nang iakyat sa ikatlong langit ay nagsabi, "Hindi nakita ng mata; hindi narinig ng tainga; ni pumasok man sa puso ng tao, kung ano ang inilaan ng Diyos para sa mga nagsisiibig sa Kaniya."

Magiging ano na iyon? Iyon ang sinasabi n'yong kagalakang di masayod at puspos ng kaluwalhatian. Whew. Umm. Kayo na dating mga patay sa pagsalangsang at kasalanan, ay sama-sama Niyang binuhay sa pamamagitan ng anino ng anino ng mga anino. Papaano na kapag dumating ka na sa anino ng mga anino papunta sa anino, mula sa anino papunta sa sapa, mula sa sapa papunta sa ilog, mula sa ilog papunta sa karagatan?

86 At paano na kapag ika'y natubos na taglay ang isang bagong katawan, ganap ka nang bumatang lalaki muli, o bumatang babae; hindi ka na kailanpaman mamatay. At titingin ka sa lupa at mag-iisip, "Maaari akong masiyahan sa mga ubas at malamig na tubig, ngunit, alam mo, di ko kailangan iyon dito." Ngunit isang araw si Jesus ay darating, at ang mala-anghel na katawang ito, ang theophany na tinitirhan ko, ay di na dadaan sa sinapupunan ng isang babae; hindi na ito darating sa pamamagitan ng pagnanasang seksuwal; ngunit dahil Siya'y isinilang sa labas ng pagnanasang seksuwal, ako'y bubuhaying muli sa labas din niyon. At mangungusap Siya isang araw, at ang mga namatay kay Cristo ay magbabangon, at ang katawang tinirhan ko dati ay bubuhayin patungo sa isang niluwalhating katawan; at ako'y lalakad nang lalakad; at ako'y mabubuhay; at ako'y magpapakasaya (Aleluia) Ako'y mag…?... sa…?... sa mga panahong darating, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na ating Panginoon. Hayan, kapatid; iyan ang Ebanghelyo.

87 "Dahil dito ako rin naman…" Sinasabi ngayon ni Pablo kung ano siya. Babasahin ko ang natitira, at pagkatapos ay ipapanalangin natin ang mga may sakit. "Hanggang maangkin ang pag-aari, ito ay paunang-bayad hanggang maangkin ang pag-aari, sa kapurihan ng Kaniyang kaluwalhatian."

Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya…

(Narinig ko na pinanampalatayanan n'yo ang bagay na ito; narinig ko na talagang naniwala kayo sa pagtatalaga, sa Buhay na Walang Hanggan, at sa kaligtasan at iba)

… sa Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pag-ibig na inyong ipinakita sa lahat ng mga banal,

Ay hindi ako tumitigil ng pagpapasalamat dahil sa inyo, na aking binabanggit kayo sa aking mga panalangin;

Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios na ating Panginoong Jesucristo, ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at pahayag sa pagkakilala sa kaniya:…

(Walang patid ang pagpapahayag Niya ng Kaniyang Sarili sa inyo, lumalaki kayo mula sa biyaya tungo sa mas malaking biyaya, mula sa kapangyarihan tungo sa mas malaking kapangyarihan, mula kaluwalhatian tungo sa mas malaking kaluwalhatian. Hindi umuurong; kundi mula sa kaluwalhatian tungo sa malaking kaluwalhatian, patuloy na sumusulong. Patuloy ko kayong ipapanalangin.)

Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso…

88 Umm. Alam n'yo, sinabi rin ng Bibliang kayo dati ay bulag nang di n'yo nalalamam. Ngunit dito ay sinabi ni Pablo, "Mananalangin ako na ang mga mata ng inyong pang-unawa…" Ikaw ay nakauunawa sa pamamagitan ng iyong puso. Iyon ang kaniyang sinasabi. Tumitingin ka sa pamamagitan ng iyong mata, ngunit nakakakita ka sa pamamagitan ng iyong puso. Alam n'yo 'yan. Tama. "Upang ang Diyos ng kaluwalhatian…" Tignan natin, sa ika-18 talata.

Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso; upang maalaman ninyo kung ano ang pagasa sa kaniyang pagtawag, kung ano ang kayamanan ng kaluwalahatian ng kaniyang pamana sa mga banal,

At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa atin…

(Whew. Sinasabi nilang wala nang kapangyarihan? Hindi pa nga dumarating ang kapangyarihan.)

… na nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas,

"Kayo na sumampalataya sa paggawa ng Kaniyang makapangyarihang lakas, idinadalangin kong ibuhos ng Diyos ang Kaniyang kapangyarihan sa inyo." Kita n'yo?

Na kaniyang ginawa kay Cristo, nang ito'y kaniyang buhaying maguli mula sa mga patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa sangkalangitan,

Sa kaibaibabawan ng lahat ng pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawat pangalan na ipinangungusap,… Oh. Sapagkat… Hindi, mabuting huwag na lang. Tunay ngang mauubos natin diyan ang natitira sa gabing ito.

…bawat pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating:

89 Ano ang bawat—ano'ng magiging pangalan ng bawat pangalan, bawat tao ay magdadala ng pangalan na ano? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng "Jesus."—Ed.] Ang buong kalangitan ay pinangalanang Jesus. Ang buong iglesia ay pinangalanang Jesus. Ang lahat pinangalanang Jesus, sapagkat iyon lamang ang tanging pangalan na tinaglay ng Diyos. Siya'y tinawag na Jehova, Johava-jireh, ang inilaang Hain ng Panginoon; Jehova-rapha, ang Panginoong nagpapagaling sa iyo; Jehova, ang watawat ng Panginoon, Manasses; at Jehova, iba't ibang Jehova. Siya'y tinawag na Tala sa Umaga. Tinawag Siyang Ama: tianawag Siyang Katapusan. Tinawag Siyang Sanga. Oh, Siya'y tinawag sa lahat ng uri ng titulo, ngunit mayroon Siyang iisang Pangalan.

Iyon ang sinasabi ni Mateo nang sabihin niya, "Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa Pangalan (hindi sa mga pangalan), sa Pangalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo." Ang Ama ay hindi pangalan; ang Anak ay hindi pangalan; ang Espiritu Santo ay hindi pangalan. Ito'y isang titulo ng isang Pangalan. Ito'y isang pangalan ng tatlong katangian na nauukol sa iisang Diyos. Ano ang Kaniyang Pangalan? Ang sabi ng Anghel, "Tatawagin mo ang Kaniyang Pangalan na [Ang kongregasyon ay nagsabi, 'Jesus.'] sapagkat ililigtas Niya ang Kaniyang bayan sa kasalanan." Iyan ang dahilan kaya lahat sila ay nagbautismo sa ganiyang paraan sa Biblia. Ganiyan binautismuhan ni San Agustin ang Hari ng Inglatera, mga sandaan at limampu, dalawang daang taon matapos na mamatay si Jesus Cristo. Tama.

90 Sa kaibaibabawan ng lahat na pamunuan, at kapamahalaan, at kapangyarihan, at pagkasakop, at sa bawat pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating:

At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia,

Na siyang katawan niya,…

Ngayon, kung ang aking katawan ay may kapangyarihan sa ibabaw ng lahat ng mga bagay, kung gayon kung ano ang katawan ko ay ganun din ako. Tama ba? Iyon ako; iyon ang magiging pagkakakilala n'yo sa akin. Tama ba? Buweno, kung gayon, lahat ng kung ano ang Diyos, ay ibinuhos Niya kay Jesus, sapagkat Siya ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman. Tama ba? At lahat ng kung ano si Jesus, ay ibinuhos Niya sa iglesia. "Ang mga bagay na ito na Aking ginagawa, ay gagawin n'yo rin naman. Higit pa sa mga ito ang inyong gagawin, sapagkat Ako ay tutungo sa Ama."

Na siyang katawan niya, kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat.

91 Oh, gustung-gusto ko iyon. Gustung-gusto ko iyon. Binabasa ko nung isang araw ang isang aklat na isinulat tungkol sa pagbiyahe ko upang mangaral sa Africa. Hindi ko pa iyon nabasa dati. Ilan ang nakabasa na sa aklat na "Prophet Visits Africa"? Doon ako ay nakatingin ako sa isang maliit na batang lalaking Indiano. Ilan ang nakakita sa larawan?

Narinig kong may isang evangelista na nanalangin sa mga may sakit sa loob ng mga labinglimang taon o higit pa; ang sabi niya, "Hindi pa ako nakakita ng isa mang himala na naisagawa sa buong buhay ko." Aniya, "Nakakita na ako ng mga taong nagsabing dating masakit ang kanilang ulo na nagsigaling. Nakakita na ako ng mga taong nagsabi na dating masakit ang kanilang tiyan, na gumaling, at iba pa. Ngunit ang isang himala, isang bagay na nalikha at ginawang isang bagay…"

Naisip kong malamang ay nakatayo ang lalaking batang iyon at iyon ay nakita niya. Ang binti ng lalaking batang Indianong iyon ay halos ganito ang taba, ang isa sa mga binti niya. Yung isa naman ay normal na binti, tulad ng binti ng tao. At kung napansin n'yo ang kaniyang brace, naroon ang kaniyang sapatos na mas mataas ng mga katorse pulgada, o kinse pulgada na ganito. Mayroon siyang plantsang bakal sa ilalim nito. Ang sapatos niya ay nakalagay sa ibabaw ng dalawang nakatayong tukod. Lumapit siya sa kinatatayuan ko; dinala nila siya doon. Mayroon siyang dalawang saklay. Kinuha niya ang malaking sapatos na bakal na ito at ibinagsak niya nang ganiyan. Tinignan ko ang kaniyang binti; halos ganiyan iyon kataba.

92 Ngayon, ang mga taong iyon ay Mohammedan, mga Mohammedan. Naalala n'yo ba nung nakaraang

Linggo nang basahin ko sa inyo kung ano ang isinulat ng mga pahayagan? Mayroon din ako niyon dito mula sa Africa, na ipinadala sa akin ng nagbabalik na misyonerong si Brother Stricker. Naroon ang artikulo na nagsasabi kung papaanong umurong si Brother Billy Graham. Ganun nga. Naroon ang mga Mohammedan na itinutulak siya sa dagat. Ano'ng nangyayari? Nag-aalisan ang mga misyonero sa bukirin. Ano pa ang saysay ng pananatili; sadyang nagapi sila.

Mahal ko si Billy Graham; sa palagay ko'y isa siyang kahanga-hangang lalaki ng Diyos. Ngunit ang iniatas sana ni Billy Grahan sa kaniya ay ganito, "Sandali lang…" Kung hinayaan lang ng ilan sa mga makukunat na Baptist na gawin niya iyon, naniniwala akong ginawa niya sana iyon. Naniniwala akong si Billy Graham ay tao ng Diyos. Ngunit kung sinabi niya, "Sandali lang. ako'y isang ministro ng Ebanghelyo. Naniniwala kayo sa Lumang Tipan, at ang sabi n'yo si Jesus ay isa lamang tao. Hinahamon ko kayo ng debate." Hindi ako naniniwala sa pagpatol sa paghahamon ng diablo, hindi po. Ngunit hahamunin ko rin siya, at sasabihin ko, "Magtagpo tayong dalawa. Ako'y isang Doctor of Divinity." Si Billy Graham ay isang Doctor of Divinity. "Hayaan mong hamunin kita tungkol dito, at hayaan mong patunayan ko sa iyo na si Jesus ang Cristo. Ngayon, pagdating sa Divine healing, wala akong ganung kaloob, ngunit mayroon kaming mga kapatid na lalaking mayroong ganun. Ngayon, kung gusto mong dalhin ang mga tao sa labas, hayaan mong tawagin ko ang isa sa kanila, si Oral Roberts o ang iba pa, isang mayroong dakilang ministeryo na talagang pupunta ro'n." pumunta tayo ro'n, at tignan natin kung anong mangyayari, sabihin mo, "Ang Cristianismo ay hindi ayon sa iniisip mo."

93 Ngayon, bigo ang damdamin ng lahat sapagkat basta na lang siya umalis at iniwan siya. Oo nga't di ako naniniwalang dapat kang hinahamon ng diablo. Dudura din ako sa kaniyang harapan na tulad niyon, at lalayuan ko siya. Tama. Ngunit pagdating sa punto na… Maaari sanang iparamdam ni Billy sa Mohammedan na iyon na para siyang isang maliit na damo. Maaari niya sanang kunin ang Biblia at kunin ang Isaias 9:6, at sabihin, "Sino ang tinutukoy niya, 'Sa atin ay ipinanganak ang isang bata, sa atin ay ibinigay ang isang anak na lalaki'? Sino ang Lalaking ito? Sino ang tinutukoy niya? Sino ang Propetang ito? Sino ang Mesias na ito na darating? Ipakita n'yo sa akin kung saan Niya inilabas ang Kaniyang Sarili kay Mohammed. 'Siya ay nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa na tungkol sa ating kapayapaan ay napasa Kaniya, at sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.' Ipakita n'yo sa akin 'yan kay Mohammed. Papaano Siya sumigaw, 'Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo ako pinabayaan? Tinusok nila ang Aking mga kamay at paa,' at iba pa? Ipakita n'yo sa akin sa inyong sariling salita, sa inyong sariling testamento." Aba'y, nagapi niya sana nang husto ang Mohammedan na iyon hanggang sa di na niya malaman kung saan siya naroroon. Tama.

94 Ngunit nang bumaliktad ang pahayagan, iyon ang nagpalundag sa aking puso, nang sabihin nito, "Bagama't kinailangang umurong ni Billy at umatras, papaano masasabi ng mga Mohammedan na iyon ay mali," ang sabi, "samantalang si Reverend William Branham sa Durban, South Africa, sa di mapasubaliang patong-patong na himala, kalakip ang Makalangit na kapangyarihan, nang sampung libong Mohammedan ang sumubasob sa isang pagkakataon at isinuko ang kanilang buhay kay Jesus Cristo…" Tunay nga, alam nila ang tungkol do'n. Alam ng mga pundamental ang tungkol do'n. Huwag n'yong sabihin sa akin.

Minsan may isang lumapit kay Jesus, ang sabi, "Rabbi…" Alam n'yo isa siyang Fariseo. Ang sabi, "Alam naming Ikaw ay isang Gurong nagmula sa Diyos. Alam namin iyon. Alam namin, sapagkat walang taong makagagawa ng mga bagay na ginagawa Mo malibang sumasakaniya ang Diyos. Nauunawaan namin. Alam namin. Ngunit sadyang di namin magawang ipahayag (Kita n'yo?), sapagkat kung gagawin namin iyon, buweno, kami ay palalayasin sa iglesia. Kita n'yo, mawawala namin ang aming reputasyon." Kaya't sinimulan siyang sabihan ni Jesus na kailangan niyang maisilang na muli.

95 Tungkol sa batang lalaking iyon na Mohammedan, nang siya ay nakatayo ro'n; nandun ang kaniyang larawan. Hindi tatanggap ang kamera ng isang kasinungalingan. Hayun siya't nakatayo ro'n, ang isang binti ay higit na maiksi (mga katorse pulgada) kaysa sa isa, nakasapatos na bakal. Ang sabi ko sa kaniya, ika ko, "Nagsasalita ka ba ng Ingles?"

"Hindi po." Di siya makapagsalita ng Ingles.

Ang sabi ng tagasalin, "Hindi siya nagsasalita ng Ingles."

"Gaano ka na katagal na ganiyan?"

Tinanong siya ng tagasalin. "Mula sa kapanganakan."

"Nagagalaw mo ba ang binting iyan kahit kaunti lang?"

"Hindi po."

"Sumasampalataya ka ba kay Jesus Cristo?"

Ang sabi niya, "Isa akong Mohammedan."

Ang sabi ko, “Tatanggapin mo ba si Jesus Cristo kung pagagalingin ka Niya?”

“Tatanggapin ko si Jesus Cristo bilang Tagapagligtas ko kung pagagalingin Niya ako.”

“Kung pagagalingin Niya iyan, at gagawin Niyang katulad nung isa, tatangapin mo ba Siya?”

“Tatanggapin ko.”

96 Naisip ko, “Diyos, anong gagawin Mo?” Ito ang kasunod na bagay. Lahat ng mga katanungan ay nasagot. Brother Mike, iyon nga ang pakiramdam. Naghintay ako nang kaunti kung anong sasabihin Niya. Lumingon ako roon; nakita kong lumalakad ang batang lalaking iyon sa parang tabi ng pader na ganiyan; ang sabi ko, “Ilan sa inyong mga Mohammedan ang tatanggap dito? Narito ang isang batang lalaking Mohammedan; tignan n'yo siya; itayo n'yo siya riyan.” Ang sabi ko, “Kayong mga duktor, gusto n'yo bang tignan siya? Nakatayo siya roon.” Oh, alam mo kung saan ka nakatayo kapag ganun. Kita n'yo, alam mo na kung saan ka nakatayo. Walang sinumang… Heto Siya.

Ang sabi ko, “Lumakad ka nang papunta rito, anak.” At kinuha nila siya, heto na siya. (Kalatog, kalatog.) Ang sabi ko, “Parang mga dose, katorse pulgada ang iksi. Mga ganun.”

“Oo nga.”

Ang sabi ko, “Ngunit si Cristo na Anak ng Diyos ay maaaring magpagaling sa iyo. Maniniwala ba kayong mga Mohammedan at tatanggapin n'yo Siya bilang personal n'yong Tagapagligtas? Libu-libong mga maitim na kamay ang tumaas na ganiyan. ”Oh, Panginoon, ngayon na ang pagkakataon.“ Ang sabi ko, ”Makalangit na Ama, kung sumagot Ka kailan man, sagutin Mo po ako ngayon; ito ay para sa Iyong kaluwalhatian; ito ay para sa Iyo. Idanadalangin kong pagalingin Mo ang batang lalaking ito.“ Ipinanalangin ko lang siya nang ganun.

Ang sabi ko, “Hubarin mo ang iyong sapatos.” Tinignan ako ng tagasalin nang kakatuwa. Ang sabi ko, “Hubarin mo ang iyong sapatos.” Tinanggal niya ang sintas. Sapagkat nakita ko na ang pangitain, kung ano ang magaganap. Tinanggal Niya iyon. Nang iyon ay kunin niya ulit, at lumapit siya sa akin, ang dalawang binhi niya ay normal na, at kapuwa lumalakad nang ganito. Ang sabi ko, “Gusto mong magparoo't parito?”

Nagsimula siyang umiyak nang ganiyan, nagpaparoo't parito; hindi niya alam kung anong gagawin niya. Habang naglalakad nang ganun, ang sabi niya, “O Allah. Allah.”

Ang sabi ko, “Jesus. Jesus.” Oh, “O Jesus, Jesus,” na. “Jesus, Jesus,” ganun. Ang sabi ko, “Mayroon bang anumang katanungan, anumang katanungan?”

97 Si Julius Stadsklev, ilan ang nakakakilala sa kaniya? Si Brother Stadsklev ay dumadalo rito sa iglesia. Kakapunta n'ya lang sa Germany. Kita n'yo? Ang sabi, “Sandali lang, Brother Branham, sandali lang.” Aniya, “palapitin ko nang mabilis ang tagalitrato at puwede bang kunan ko ito ng litrato?”

Ang sabi ko, “Tulungan mo ang iyong sarili.”

“Lumakad ka rito, itayo mo ang iyong sapatos rito.” Tumayo siya nang ganiyan, kinunan niya ng litrato ang batang lalaki, na ang dalawang binti ay normal na normal at matuwid na matuwid. Nakatayo roon ang dati niyang pangsuporta.

Ang sabi ko, “Ilan sa inyong mga Mohammedan ngayon ang tumatanggi kay Mohammed bilang propeta, at sumasamapalataya kay Jesus bilang Anak ng Diyos, at tinatanggap Siya bilang personal ninyong Tagapagligtas?” Sampung libong mga kamay ang tumaas…?... Aleluia. Ayaw nila ng isang…

98 Sinusubukan nila itong awatin, sapagkat tayo'y mga “holy-roller,” ang bansag nila sa atin. Nakikita n'yo ba? Ganun pa rin, ang Diyos ay kumikilos, ipinupuwesto ang Kaniyang iglesia. Ginagawa Niya ang lubhang sagana na higit sa lahat ng maaari nating magawa o maisip. Diyos na Diyos pa rin Siya ngayong gabi tulad ng dati pa.

Kaya mumunti kong mga kaibigan, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay ngayon. Pinakamamamahal kong bayan, kayo na naririto sa lupaing ito, at ang ibang nasa mga lupaing nakikinig sa mga tape at iyon ay sa ibang mga bansa at saan man kayo naroroon, huwag kayong matakot. Ang lahat ay mabuti. Ang Amang Diyos, bago pa itatag ang sanlibutan, alam na Niya ang lahat ng magaganap. Ang lahat ay tumatakbo nang tama. Mahal n'yo ba Siya? Panatiliin n'yong tama ang inyong puso.

99 At, alalahanin n'yo, kapag ang hiningang ito ay pumanaw na mula sa buhay na ito, sa inyong mga matatanda na… At kayong mga ina, kapag nakita n'yo ang inyong mga sanggol, ang maliit na sanggol na babaeng iyon na namatay nang wala pang walong araw or limang araw, siya'y magiging isang magandang babae kapag nakita n'yo siya. Ang matandang lola na nahukot na nang husto; halos di na niya makita kung saan siya pupunta; kapag nakita mo siya, lola, siya'y magiging isang napakaguwapong binata, mga

bente anyos, sadyang nasa kagandahan ng kabataan. At siya'y magkakagayon magpakailanman. Maaari mong mahipo ang kaniyang kamay; maaari kang makipagkamay sa kaniya. Yayakapin mo siya, ngunit hindi siya magiging asawa; siya'y magiging kapatid. Ay, naku. Siya'y magiging higit pa kaysa sa asawa. Palagay mo'y minahal mo siya? Tunay nga. Ngunit iyon ay Phileo lamang; maghintay kang makuha mo ang agapao. Maghintay kang makaabot ang tunay na Makalangit na pag-ibig, at makikita mo kung ano iyon.

Itong isang ito ay para lang isang matandang nagbabagang tambakan ng basura; wala itong kabuluhan; walang anuman dito. Ang tanging ipinapayo ko na gawin n'yo ngayon, ay ito, mga kaibigan ko.

100 Di magtatagal aking… Nais n'yo bang kunin ko ang dalawa pang kapitulong iyon sa isang pagkakataon? Ang Panginoon… Kailangan kong magpahinga nang kaunti bago ang gawain sa Chatauqua.

Ngayon, hindi ko maipangaral ang mga bagay na ito sa ganung mga pagtitipon. Napakaraming iba't ibang paniniwala. Kita n'yo? Ito ay sa iglesia lamang. Kita n'yo? Hindi ko maipangaral… Ngunit mayroon akong karapatan dito na ipangaral anuman ang naisin ko. Ito ay Tabernakulo ko. Kita n'yo? At sinasabi ko sa inyo. Ngayon, naniniwala akong ang mga taong iyon ay ligtas. Opo, tunay na pinaniniwalaan ko iyon. Ngunit oh, lalo na ang paglakad kapag alam mo kung saan ka lumalakad. Lalo pa, ang malaman mo kung ano ang ginagawa mo (Kita n'yo?), sa halip na magpasuray-suray, at magkatali-talisod ka sa daan. Tayo'y tumayo na lamang sa Liwanag, at lumakad sa Liwanag, at alam n'yo kung saan kayo patungo. Totoo iyon. Saumainyo nawa ang Panginoon.

101 At kung ang bawat isa sa inyo na naririto ngayon ay hindi pa napupuwesto na tama… Maaaring ikaw ay isa lamang maybahay. Buweno, sasabihin mo, "Brother Branham, wala akong ginawang isa mang bagay sa buhay ko. Hindi ako isang mangangaral."

Buweno, marahil ay dinala kayo ng Diyos dito upang magtatag ng isang pamilya ng mga anak; mula sa pamilyang iyon ng mga anak maaaring may lumabas na isa pang pamilya ng mga anak, doon ay magkakaroon ng magiging mangangaral na makapagdadala ng isang milyong kaluluwa kay Cristo. Kinailangang maparito kayo. Kayo'y naririto dahil sa isang layunin. Alam n'yo ba 'yon?

Buweno, sasabihin mo, "Ang tanging ginawa ko ay magbungkal sa kalawakan ng lupaing ito. At lumalabas ako habang bata pa ang gabi, di ko alam kung papaanong bubuhayin ang aking mga anak. Tinignan ko ang mga pobreng bata na wala man lang sapatos. Umupo ako at umiyak. Mayroon akong lumang kariton, at ako at si nanay ay nagsisimba." Huwag kang mag-alala, kapatid. Patuloy mo lang na mahalin Siya; mayroon Siyang layunin para sa iyo. Manatili ka lang sa kalagayan mo; magpatuloy ka lang. Kita n'yo? Maaaring di ka makapangaral ng isang sermon, ngunit maaari kang maging isang lelong ng isa sa gagawa niyon.

102 Alam n'yo ba na ibinilang ng Diyos (Tignan natin ngayon, ano nga ba ang pangalan niya?) kay Levi, ang pagbabayad ng ikapu nang siya ay nasa sinapupunan pa ni Abraham, nang salubungin siya ni Melquisedec? Ilan ba ang nakakaalam niyan? At tignan natin, naging anak ni Abrahan si Isaac; naging anak ni Isaac si Jacob; naging anak ni Jacob si Levi, na ama, lolo, at lelong. Nang siya ay nasa sinapupunan pa, sa binhi ng kaniyang lelong, ibinilang sa kaniya ng Biblia ang pagbabayad ng ikapu kay Melquisedec. Ay, naku, naku, naku, naku kapatid. Oh, ako'y…

103 Tulad nang ma-convert ang isang taga-Inglatera isang gabi sa Inglatera, ang sabi niya, "Napakasaya ko. Napakasaya ko." Oo, napakasaya kong malamang ito ay totoo. At isang maluwalhating araw, di ko alam kung kailan, ngunit kung iyon ay isang pangitain… Di ko sinasabing naririto ako noon. Alalahanin n'yo, pakatandaan n'yo ito palagi; nawa'y ganun din ang gawin ng mga may hawak ng tape. Kung ako'y nasa isang pangitain o natangay sa Espiritu, hindi ko alam. Ngunit singtotoo iyon ng hawak ko si Brother Neville nang ganiyan, singtotoo niyon. At nakikita ko at nakakausap ang mga taong iyon.

At naroroon ang aking unang asawa; di siya sumigaw ng, "Mahal kong asawa"; ang sabi niya, "Mahal kong kapatid."

104 Naroroon ang isang babaeng dati kong kasa-kasamang lumabas. Marahil ilan sa mga kamag-anak niya ay nakaupo rito ngayong umaga, si Alice Lewis na taga Utica, napakabuti't napakarangal na Cristianong babae. Medyo may eda na siya nang siya ay mag-asawa, at ang una na niyang anak ay namatay nang ito ay isilang: Alice Lewis. Pumasok ako sa puneraria upang makita siya. Kauuwi ko lang noon; narinig kong namatay siya. Pumaroon ako, walang tao sa silid, ang sabi ko, "Mayroon ba ritong Mrs…" Ang ngalan niya ay Emmerke. Nagpakasal siya sa isang mabuting Cristianong lalaki, at siya ay isang mabuting Cristianong babae. Nakasama ko ang babaeng iyon sa lahat ng dako, lahat ng uri ng lugar, at lahat na, nang kami ay mga bata pa, diseotso, disenueve, sa lahat ng dako. Mabuting Cristiano, wala akong anumang nalaman tungkol sa kaniya kundi ang pagiging tunay Cristiano. At makasalanan pa ako noon. Ngunit sinasamahan ko siya. Pumasok ako… At ang asawa niya ay isang isinilang na muling Cristiano, tunay na lalaki. At hindi ko alam; nalaman kong siya ay namatay; nakita ko sa pahayagan. At nagtungo ako ro'n; sinabi nila sa akin. Nagtungo ako sa Coot's, at ang sabi ko, "Mayroon ba kayong isang Mrs.

Emmerke?” Ang sabi niya, “Billy, naroon siya sa silid na iyon.”

Pumasok ako roon at tumayo ako sa tabi ng ataul. Naisip ko, “Alice, napuntahan ko ang pinakamadidilim na yungib; nadaan ako sa madidilim na landas. Tayong dalawa ay magkasamang tumahak sa mga daan at bumaybay sa tabi ng ilog. Nung mayroon pa sila niyaong mga bangkang may palabas, umuupo tayo ro'n at pinakikinggan natin ang mga dulang iyon. Paroo't parito tayo sa lansangan, napakainam mong binibini. Lubos kong pinasasalamatan ang Diyos sa iyong buhay. Magpahinga ka, mahal kong kapatid, magpahinga ka sa kapayapaan ng Diyos.”

105 At nung isang gabi sa pangitain, patakbo siyang lumapit sa akin. Ang sabi niya, “Pinagpala kong kapatid,” at yumakap siya sa akin. Oh, oh, kapatid na lalaki, kapatid na babae, binago ako nito. Di na ako maaaring maging tulad pa ng dati. Napakatunay nito. Singtunay ito na ako'y nakatingin sa inyo, ganun katunay. Kaya't walang anumang takot. Maaari akong mamatay bago matapos ang gabing ito.

Nais kong palakihin ang maliit na anak kong lalaking naroon sa likuran, si Joseph. Nais ko siyang makita sa pulpito, kung kailan ay maaari ko nang kunin ang Bibliang ito… Pagdating ko sa puntong nakita ko na si Joseph na nangangaral sa pulpit na isang binatang puspos ng Espiritu Santo, may pahid ng Espiritu ng Diyos… At naniniwala akong magiging isa siyang propeta. Nung araw na—nung aking—nung makita ko siya anim na taon bago siya ipanganak, naalala n'yo ba na sinabi ko sa inyo na siya ay darating. Naaalala n'yo nang mahuli ko siya sa tabi ng altar, di ko namalayan ang sinasabi ko, nag-aalay ako ng mga sanggol, ang sabi ko, “Joseph, ikaw ay isang propeta.”

106 At nung isang araw nakatayo ako sa bakuran, lumapit siya sa akin, at sabi niya, “Daddy, mayroon bang kamay si Jesus na tulad ng sa iyo?”

At ang sabi ko, “Buweno, oo, anak. Bakit?”

Ang sabi niya, “Nakasakay ako sa aking bisikleta, hinihintay kong umuwi si Sarah (Iyon ay ang nakababata niyang kapatid.) mula sa iskuwela.” Nakaupo siya doon, di ko siya pinapayagang lumabas sa kalsada; nakaupo siya nang ganito. At ang sabi niya, “Tumingala ako,” at aniya, “nang gawin ko iyon, mayroong kamay na tulad ng sa iyo na nakaunat sa aking ulunan.” At sabi niya, “Tumaas ito.” Ang sabi niya, “Kamay ba ni Jesus iyon na tumaas?” Tumingin ako sa nanay niya; ang nanay ay tumingin sa akin. Nagpunta kami kina Mrs. Wood. Saan man siya nakaupo rito. Inusisa namin siya, paulit-ulit, at sa lahat ng paraang magagawa namin. Iyon ay isang pangitain. Nakita niya iyon. Kapag nakikita ko na si Joseph na tumatayo… Sana buhay pa ako at makita ko siyang maikasal, kung magtatagal pa si Jesus.

107 At ako ay matanda na, may mga nakalaylay nang mga balbas sa aking leeg. Nakapag-akay na ako… Nais kong mag-akay ng dalawa o tatlong milyo pang kaluluwa kay Cristo kung magagawa ko. Determinado akong ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat sulok ng mundo. Opo. Tulungan mo nawa ako, Diyos, gagawin ko iyon. Kaya't kapag nakita kong dumating na ang pagkakataong iyon, Brother Mike…

Magagawa kong alalahanin ang panahon mama, Meda, ang tawag ko sa kaniya ay darling… Kita n'yo, siya'y… Tumatanda na kami, nakikita kong namumuti na ang kaniyang buhok, at nakikita kong kami ay pumapanaw na, kumukupas na.

Si Rebekah, lubos akong nagpapasalama dahil kay Rebekah. Sinabi sa akin ng guro niya sa musika nung isang gabi, aniya, “Naku, kung ipagpapatuloy niya 'yon, Brother Branham,” ang sabi, “mahirap masabi kung anong magagawa niya.” Kita n'yo, sumusulong siya sa musika. Nais ko siyang… at nais kong… Nasi kong si Sarah ay tumugtog sa organ, si Becky naman ay sa piano; nais kong si Joseph naman ay mapasa pulpito.

108 Kapag nakita ko na iyong natutupad, kung magkagayo'y ako at ang aking maybahay ay maaari nang paugud-ugod na pumasok, ako ay nakatungkod, minsan isang gabi, lalakad kami sa kalsada, at maaari akong sumilip at makita ang anak kong lalaki na nakatayo ro'n na may pahid ng Espiritu Santo, nangangaral ng kaparehong Ebanghelyo. Nais kong kunin ang lumang Aklat na ito at sasabihin ko, “Anak, heto; sa iyo na Ito. Tayuan mo Ito. Huwag kang magkompromiso sa isa mang Salita. Manatili ka Rito, iho. Huwag na, anuman ang… Sinuman ang kontra sa iyo, ang laban; kakampihan ka ng Diyos. Ipangaral mo ang bawat Salita ayon sa pagkakasulat Diyan; magkikita kayo ni Daddy sa kabilang ibayo ng ilog.” Nais kong yapusin at yakapin ang aking maybahay, pagtawid sa Jordan.

Hanggang sa oras na iyon, Diyos, hayaan Mo po akong manatili sa pagmimisyon, nagtatapat. Hayaan Mo po ako, anuman ang halaga, o gaano man karami, anuman ang aking gawin, o ganito, ganiyan, o iba pa. Hayaan Mo po akong manatiling tapat sa Salita ng buhay na Diyos, upang pagdating ng araw na iyon, at nakatawid na ako ro'n, maaari akong lumingon, at magsabi, “Hayan kayo. Oh, mahal kong kaibigan, mahal kong kapatid na lalaki, mahal kong kapatid na babae.”

109 Batang mangangaral, magmisyon kayo; manatili kayong nagpapagamit. Lahat kayong mga batang mangangaral at iba pa, huwag kayong magpaupo-upo. Huwag kayong maupo lang na walang ginagawa. Lumabas kayo ro'n at mag-akay ng kaluluwa. Gumawa kayo ng isang bagay. Magsimula kayo; kumilos

kayo. Huwag kayong hihinto, ikaw na batang mangangaral na nariyan. Pagpalain ng Diyos ang iyong puso.

Dahil sa kaniya naaalala ko nang ako ay mga kasing edad niya, wari ko'y mas bata nang kaunti sa kaniya. Mga bente anyos pa lang ako nang ilagay ko ang panulok na batong iyon. Naaalala ko, nakasuot ako noon ng asul na amerikana at puting pantaloon, at tumayo ako doon at inilatag ko ang panulok na bato mga tatlumpu't isang taon na ang nakalilipas. Kita n'yo kung ano ang edad ko noon, bata pa ako. Nakatayo ako doon, naglalatag ng panulok na bato. Di ako nakipagkompromiso sa isa mang Salita. Iningatan ko Iyon nang ayon na ayon sa pagkakalatag ko ng panulok na bato. Naroroon ang patotoo ko, na isinulat ko sa blankong pahina ng Biblia, at saka ko pinunit, at inilagay ko sa panulok na batong iyon, at naroroon pa rin ito. At nawa ay maisulat ito sa mga pahina ng walang hanggang Salita ng Diyos sa kalangitan. Hayaan n'yong manatili akong tapat hanggang sa wakas.

110 Magsiyuko tayo ngayon sandali para sa panalangin. Sa pagtatapos ng gabing ito, sa pagtatapos nito, isang kapitulo, at ito ay di makatuwiran. Dapat ay nakuha n'yo rin yung isa pang kapitulo, kung saan ay ipinupuwesto niya ang iglesia sa lugar nito. Ihahatid ko ito sa inyo sa isang pagkakataon, kung loloobin ng Diyos. Kailangan ko nang makapagpahinga nang kaunti bago ako pumunta sa Chatauqua, sa isa namang malaking pagtitipon, pagkatapos ay tatawid ako sa Oklahoma…

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7